



ORYENTASYON SA WIKA AT SALOOBIN SA PAGPAPALIT-PALIT NG WIKA SA PAGTUTURO NG MGA CORSO SA PANGKALAHATANG EDUKASYON SA KOLEHIYO

Sheryll Ann M. Layug, Jumar G. Basco

*Graduate School, Republic Central Colleges (RCC),
Angeles City, Philippines*

<https://doi.org/10.5281/zenodo.20265785>

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang oryentasyon sa wika at ang saloobin sa code-switching o pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon sa kolehiyo. Gumamit ang mga mananaliksik ng isang balidong talatanungan upang makalikom ng datos mula sa 123 mag-aaral na nasa ikalawang taon ng kolehiyo at 15 gurong nagtuturo ng general education. Isinagawa ang pag-aaral gamit ang deskriptibo at komparatibong disenyo ng pananaliksik. Ginamit ang frequency, percentage, at Mann-Whitney U test sa pagsusuri ng mga datos. Natuklasan na Filipino ang pangunahing wikang ginagamit ng mga mag-aaral sa pakikipag-ugnayan sa mga kaibigan, pamilya, kamag-anak, at sa paaralan. Sa kabilang banda, Filipino rin ang karaniwang ginagamit ng mga guro kapag kasama ang mga kaibigan at Ingles kapag nasa paaralan. Ipinakita ng resulta na kapwa positibo ang saloobin ng mga kalahok hinggil sa paggamit ng code-switching sa pagtuturo, partikular sa mga aspekto ng katauhan ng guro, paglinang ng paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal. Higit na marami sa mga aytem sa mga aspektong nabanggit ang nagpakita ng kawalan ng makabuluhang istatistikang pagkakaiba, na nagpapahiwatig na magkatulad at positibo ang saloobin ng dalawang pangkat. Iminumungkahi ng mga resulta na ang maayos at angkop na paggamit ng pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga kurso sa pangkalahatang edukasyon ay maaaring magsilbing isang mabisang estratehiya sa pagkatuto. Kaugnay nito, mahalagang makapagbalangkas ang mga institusyong akademiko, administrador, at mga guro ng malinaw na patakaran at gabay hinggil sa wastong paggamit ng code-switching sa silid-aralan.

Mga susing salita: *pagpapalit-palit ng wika, oryentasyon sa wika, saloobin, general education*

PANIMULA

Ang Pangkalahatang Edukasyon o General Education ay bahagi ng kurikulum na itinatakda para sa lahat ng mag-aaral sa kolehiyo anuman ang kanilang napiling disiplina o larangan. Nilalayan nitong bigyan ang mga mag-aaral ng kaalaman sa iba't ibang dimensiyon at sa sari-saring pamamaraan ng pag-unawa sa mga realidad na panlipunan, na nagbubunga ng paghubog ng mga kakayahang intelektuwal gaya ng kritikal, analitikal, at malikhaing pag-iisip, gayundin ng iba't ibang anyo ng pagpapahayag. Kasama rin dito ang pagpapaunlad ng mga kakayahang sibiko na kinakailangan sa pagiging mabuting kasapi ng pamayanan, ng bansa, at ng pandaigdigang lipunan (CMO No. 20 Series of 2013, p.2).

Dahil dito, malinaw na naiiba ang pangkalahatang edukasyon sa espesyalisadong pagkatuto. Ang una ay nakatuon sa pagpapakilala ng mga mag-aaral sa iba't ibang paraan ng pag-alam at pag-unawa, samantalang ang huli ay tumutuon sa isang tiyak na disiplina. Ang pangkalahatang edukasyon ay nakahilig sa malawak at masaklaw na perspektiba, samantalang ang espesyalisadong pagkatuto ay nakabatay sa higit na teoretikal at teknikal na kaalaman. Sa gayon, ang pangkalahatang edukasyon ang nagsisilbing pundasyong nagbabalangkas sa kabuuan ng kurikulum sa kolehiyo, bagaman hindi nito nagagampanan nang nag-iisa ang lahat ng layunin ng mas mataas na edukasyon. Ang batayang salik ng tagumpay ng pangkalahatang edukasyon ay ang pagkakatugma ng mga mithiin nito sa mga layunin ng mas mataas na edukasyon (CMO No. 20 Series of 2013).

Samantala, ang mga Kurso sa Pangkalahatang Edukasyon (GEC) sa Pilipinas ay binubuo ng tatlumpu't anim (36) na yunit na nahahati sa dalawampu't apat (24) na yunit ng mga pangunahing kurso, siyam (9) na yunit ng mga elektibong kurso, at tatlong (3) yunit ukol sa Buhay at Mga Gawa ni Rizal (alinsunod sa itinatadhana ng batas). Alinsunod din sa nasabing kautusan, ang mga kurso sa pangkalahatang edukasyon ay maaaring ituro sa wikang Ingles o Filipino (CMO No. 20 Series of 2013).

Kabilang sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon ang Pag-unawa sa Sarili (Understanding the Self), Mga Babasahin hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas (Readings in the Philippine History), Ang Kasalukuyang Daigdig (The Contemporary World), Matematika sa Makabagong Daigdig (Mathematics in the Modern World), Malayuning Komunikasyon (Purposive Communication), Pagpapahalaga sa Sining (Art Appreciation), Agham, Teknolohiya, at Lipunan (Science, Technology and Society), Etika (Ethics), at iba pa.

Sa kadahilanang ang mga kurso sa pangkalahatang edukasyon ay maaaring ituro sa Ingles o sa Filipino, ang mga tagapagturo ay karaniwang nagpapalit-palit ng wika. Ang pagpapalit-palit ng wika o *code-switching* ay inilalarawan bilang pagpapalit-palit ng

dalawa o higit pang wika sa loob ng isang diskurso (Al-Heeti & Al-Abdely, 2016). Ang pahayag na ito ay sinuportahan nina Bokamba (binanggit sa Waris, 2012) at Grosjean (binanggit sa Azlan & Narasuman, 2012). Ayon kina Waris (2012) at Bullock at Turibio (binanggit sa Lin & Li, 2012), ang *code-switching* ay madalas na kaugnay ng mga taong bilingguwal o multilingguwal. Binanggit din na ang penomenong ito ay nagaganap sa mga komunidad na multikultural at multilingguwal. Isa sa mga halimbawa nito ay ang pagtuturo ng wikang banyaga.

Ang *code-switching* ay madalas na ginagamit kapalit ng mga katawagang *bilingguwalismo* at *multilingguwalismo*, *code-mixing*, at *lexical borrowing*. Gayunpaman, iminungkahi ng mga mga mananaliksik na bagaman may kaugnayan ang *code-switching* sa mga terminong ito, may malinaw na pagkakaiba pa rin ang bawat isa.

Ayon kina Kokturk et al. (2016), ang *bilingguwalismo* ay unang tinutukoy bilang kakayahan ng isang tao na makipagkomunikasyon gamit ang dalawang wika. Kaugnay ng *code-switching*, binanggit na ang bilingguwalismo ay nagbibigay-daan sa mga tagapagsalita na gamitin ang *code-switching* sa iba't ibang sitwasyon, kabilang ang pasalita at pasulat na komunikasyon. Dagdag pa rito, ipinahayag ni Waris (2012) na ang bilingguwalismo ay ang palagian at matatas na paggamit ng dalawang wika o *code*. Katulad ng bilingguwalismo, ang *multilingguwalismo* naman ay tumutukoy sa kakayahang gumamit at makaunawa ng higit sa isang *code*. Sa ganitong kaso, ang mga multilingguwal na indibidwal ay gumagamit ng higit sa dalawang wika (Cenoz, 2013).

Samakatuwid, ang bilingguwalismo at multilingguwalismo ay nagsisilbing pangkalahatan at mas malawak na payong para sa paggamit ng dalawa o higit pang wika. Kung ang isang tagapagsalita ay bi/multilingguwal, siya ay may kakayahang gumamit ng *code-switching*. Sa pag-aaral ni Hymes (banggit nina Hasan et al., 2019) na ang *code-switching* ay simpleng alternatibong paggamit ng mga salita, parirala, at pangungusap mula sa dalawa o higit pang wika, kabilang ang iba't ibang baryante at maging mga estilo ng pananalita.

Ipinapakita sa bahaging ito ng papel ang kasalukuyang mga natuklasan hinggil sa persepsyon at saloobin ng mga guro at mag-aaral ukol sa *code-switching* ng guro. Maraming iskolar sa iba't ibang panig ng mundo ang nagsagawa na ng pag-aaral tungkol sa *code-switching*. Ang ilan ay nakatuon lamang sa saloobin ng mga guro o mag-aaral, samantalang ang iba naman ay nagsuri sa pagkakaiba ng kanilang mga pananaw. Sa kabila ng dami ng mga pananaliksik, nananatiling magkakaiba ang mga resulta, kung saan ang *code-switching* ay minsan naipapakita sa positibo at minsan naman ay sa negatibong pananaw.

Sa kaugnay na pag-aaral, iniulat ni Mokgwathi (2011) ang paglaganap ng *code-switching* sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Batay sa mga natuklasan, positibo ang pagtanggap dito sapagkat nakatutulong ito sa pagpapalinaw ng mga konsepto sa aralin at sa pagbawas ng distansiya sa pagitan ng guro at mga mag-aaral.

Samantala, nagsagawa rin si Horasan (2014) ng pananaliksik upang siyasatin ang laman na paggamit ng *code-switching* sa silid-aralan at kung paano ito tinitingnan ng mga gumagamit nito. Bagama't hindi maiiwasan, ang paggamit ng iba't ibang *code* sa klase ay itinuturing na kanais-nais. Maaari itong gamitin sa mga klase sa *English as a Foreign Language (EFL)* upang makatawag-pansin, masuri ang pag-unawa, maisulong ang mahusay na pamamahala sa klase, at sa iba pang layunin. Kaya't dapat tingnan at gamitin ang *code-switching* bilang isang pamamaraan na may iba't ibang tungkuling nakatutulong sa pagkatuto at pagtuturo.

Kaugnay nito, natuklasan din ni Mokgwathi (2011) na positibong tinatanggap ang *code-switching* sapagkat ito ay nakatutulong hindi lamang sa pagpapalinaw ng aralin kundi pati na rin sa pagbawas ng distansya sa pagitan ng guro at mga mag-aaral. Samantala, binigyang-diin ni Horosan (2014) na ang *code-switching* sa silid-aralan, partikular sa mga klase sa *English as a Foreign Language (EFL)*, ay maaaring gamitin upang makatawag-pansin, masuri ang pag-unawa, maisulong ang pamamahala sa klase, at sa ibang layuning pang-pedagogikal.

Sa karagdagan, nakita nina Ibrahim et al. (2013) na ang mga guro sa Malaysia ay aktuwal na nagsasagawa ng *code-switching* sa pagtuturo ng Ingles bilang wikang banyaga. Kadalasan, ito ay ginagamit para sa mga layuning pangpedagohiya. Samantala, sa kwalitatibong pananaliksik ni Liwanag (2016) na isinagawa sa Pilipinas, ipinakita na ang paggamit ng *code-switching* ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga interaksyon sa loob ng silid-aralan. Sa pangkalahatan, ipinakikita ng iba't ibang pag-aaral na ang *code-switching* ay hindi lamang basta-bastang pagpapalit ng wika sa pagtuturo, kundi isang epektibong estratehiyang pedagogikal na nakatutulong sa pagpapadali ng komunikasyon, pagpapabuti ng interaksyon, at pagsusulong ng mas makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Samantala, tinalakay sa pananaliksik nina Ibrahim et al. (2013) ang saloobin ng mga guro hinggil sa *code-switching* ng mga mag-aaral na Malay sa isang lokal na unibersidad sa Malaysia sa konteksto ng pagtuturo ng Ingles bilang wikang banyaga. Lumitaw sa mga resulta na aktibong ginagamit ng mga guro ang *code-switching* sa loob ng klase, at ang ganitong praktika ay pangunahing isinasagawa para sa mga layuning pedagogikal.

Muli ring binigyang-diin sa hiwalay na kwalitatibong pag-aaral ni Liwanag (2016), na nakatuon sa epekto ng wikang panturo sa pagkatuto sa Pilipinas, na ang *code-switching* ay epektibong nakapagpapataas ng antas ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa talakayan at gawaing pangklase.

Gayunpaman, may ilang pananaliksik na nagpapakita ng kabaligtarang pananaw hinggil sa *code-switching*. Sa pag-aaral nina Abdulghani at Almalki (2019), tinalakay ang laman na paggamit ng *code-switching* sa Saudi Arabia at ang mga epekto nito sa pagtuturo ng wikang banyaga. Batay sa kanilang mga natuklasan, nagpakita ng negatibong saloobin ang mga gurong kalahok sa paggamit ng *code-switching*, at

karamihan sa kanila ay hindi sumang-ayon sa paggamit ng unang wika (L1) sa mga klase ng English as a Foreign Language (EFL).

Sa bahaging ito, ipinapakita ang mga pag-aaral hinggil sa pananaw ng mga estudyante tungkol sa paggamit ng pagpapalit-palit wika ng mga guro. Ipinakikita ng mga naunang pag-aaral na pabor ang mga estudyante sa pagpapalit-palit wika. Ibig sabihin, positibo ang kanilang pananaw dito.

Ayon sa pag-aaral ni Domingo (2016), mas positibo ang pananaw ng mga estudyante sa paggamit ng Filipino at English, o ang tinatawag na *code-mixing*, sa pagpapaliwanag ng aralin. Bagama't may iilan na naniniwala na mahalaga ang English bilang midyum ng pagtuturo para sa pandaigdigang pagkilala, mas pinipili ng mga estudyante ang pagtuturo na gumagamit ng halong wika upang mas malinaw nilang maunawaan ang aralin.

Nalaman naman nina Nordin et al. (2013) na karamihan sa mga ESL learners ay may positibong pananaw at pagtanggap sa pagpapalit-palit wika. Ayon pa sa kanilang pag-aaral, naniniwala ang mga mag-aaral na nakatutulong ang pagpapalit-palit wika upang mas maunawaan nila ang pangunahing wika o *target language*.

Samantala, layunin ng pag-aaral ni Valerio (2015) na ilarawan ang sosyo-lingguwistikong penomenon ng pagpapalit-palit wika sa mga unang taon na estudyante ng Quirino State University, Philippines. Natuklasan na mas gusto ng mga estudyante na isama ang wikang Filipino sa mga talakayang pangklase. Higit pa rito, nagpakita ng positibong pananaw ang mga kalahok tungkol sa pagpapalit-palit wika sapagkat sila mismo ay gumagamit din nito.

Bilang pagtutol sa mga naunang pag-aaral, nagsagawa si Ma (2014) ng pananaliksik kung saan natuklasan na ang pagpapalit-palit ng wika ay kapaki-pakinabang at mahalaga para sa pagiging produktibo ng mga bilingual na kurso gaya ng *English accounting*. Gayunpaman, ang pananaw ng mga estudyante tungkol sa pagpapalit-palit ng wika sa mga bilingual na klase ay karaniwang positibo o neutral, depende sa layunin ng paggamit nito.

Isinagawa naman nina Muhammad et al., (2016) ang isang pag-aaral na naglalayong tuklasin kung ano ang nararamdaman ng mga ESL (*English as a Second Language*) o EFL (*English as a Foreign Language*) na estudyante hinggil sa paggamit ng mga guro ng pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng Ingles sa Pakistan. Gumamit sila ng *survey questionnaire* na binubuo ng 12 *closed-ended* at 2 *open-ended* na mga tanong. Ipinakita ng datos na may positibong pananaw ang mga estudyante sa mga guro na gumagamit ng code-switching, ngunit may ilan ding naniniwalang nililimitahan nito ang kanilang exposure sa English. Natuklasan din na ang pagpapalit-palit ng wika ay karaniwang ginagamit upang matulungan ang mga *ESL students* sa kolehiyo sa mga silid-aralan sa Pakistan, at nagkaroon ng halo-halong saloobin ang mga estudyante hinggil dito.

Samantala, sina Dewaele at Li (2013) ay nagsagawa ng pag-aaral na tumitingin sa pagkakaiba-iba ng mga indibidwal (kaugnay ng identidad, pagiging multilingual, at mga sosyo-biyograpikal na salik) sa kanilang pananaw tungkol sa pagpapalit-palit ng wika sa 2070 multilingual na kalahok. Ipinakita ng resulta na nag-iiba ang kanilang pananaw sa pagpapalit-palit ng wika batay sa personalidad, kasaysayan ng pagkatuto ng wika, kasalukuyang gawi sa paggamit ng wika, at ilang sosyo-biyograpikal na salik.

May ilang mga mananaliksik na nagsagawa ng paghahambing na pag-aaral na naglalayong tukuyin ang mahahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral hinggil sa *code-switching* o pagpapalit-palit ng wika ng guro.

Ipinakita ng mga sumusunod na pananaliksik ang positibong pananaw ng mga kalahok tungkol sa pagpapalit-palit ng wika. Sa pag-aaral ni Henni (2017), natuklasan ang paggamit ng *code-switching* sa *Algerian English as a Foreign Language (EFL)*. Parehong guro at mag-aaral na lumilipat mula sa mother tongue o second language (L2) (Arabic o French, ayon sa pagkakabanggit) patungo sa target na wika (Ingles) at pabalik ay may positibong pananaw sa *code-switching*.

Nagsagawa si Yao (2011) ng isang pag-aaral upang siyasatin at mailahad ang pananaw ng mga guro at mag-aaral hinggil sa paggamit ng *code-switching* ng mga guro sa pagtuturo ng wika sa China. Nakita sa mga resulta na kapwa positibo ang saloobin ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng *code-switching* sa mga silid-aralang EFL, at kinikilala nila ito bilang kapaki-pakinabang sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Samantala, sinuri ni Selamat (2014) ang mga paniniwala at pananaw ng mga guro at mag-aaral ukol sa praktika ng pagpapalit-palit ng wika sa mga ESL classroom sa Malaysia. Lumabas sa pag-aaral na parehong nagpapakita ng positibong disposisyon ang mga guro at mag-aaral sa paggamit ng *code-switching*, at itinuturing nila ito bilang isang mahalagang mapagkukunan o estratehiya na nakatutulong sa mas epektibong pagtuturo at pagkatuto.

Samantala, isinagawa nina Adriosh at Razi (2019) ang isang *ethnographic exploratory research* na nagpapakita ng kasalukuyang kalagayan ng *classroom code-switching* sa mga *English as a Foreign Language (EFL) classrooms* sa mga unibersidad sa Libya. Layunin ng pag-aaral na matukoy kung paano ginagamit ng mga guro ang *code-switching* bilang estratehiya upang mapadali ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ipinakita ng mga natuklasan na ang unang wika (L1), Arabic, ay paminsan-minsang ginagamit para sa iba't ibang tungkuling pedagogikal at sosyal sa loob ng klase. Lumabas din na kapwa positibo ang pananaw ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng *code-switching* bilang tugon sa mga pangangailangang pedagogikal at panlipunan sa silid-aralan.

Gayunpaman, may ilang pag-aaral na nakapagtala ng makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral hinggil sa pagpapalit-palit ng wika ng guro. Ipinakikita ng mga naturang pananaliksik na sa ilang konteksto, nagkakaroon ng hindi

pagkakatugma o maging magkasalungat na pananaw ang dalawang pangkat tungkol sa paggamit ng code-switching sa pagtuturo.

Sa pag-aaral ni Johansson (2013), limang guro at 96 na mag-aaral sa English 5 at 6 ang lumahok sa isang panayam at sumagot sa isang talatanungan. Layunin ng papel na ito na siyasatin kung kailan at bakit gumagamit ng code-switching ang mga guro sa upper secondary school sa pagtuturo ng Second Language (L2) English. Sa mga natuklasan, mas pinipili ng mga guro na limitahan ang paggamit ng code-switching. Gayunpaman, sa mga pagkakataong ang mga mag-aaral ay gumagamit ng halo ng Swedish at English o kaya'y Swedish lamang, mas nagiging bukas ang mga guro sa paggamit ng code-switching upang matukoy kung aling wika ang higit na angkop at kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral.

Samantala, sa isinagawang sarbey ni Mingfa (2011) gamit ang talatanungang binubuo ng apat na seksyon at dalawampung aytem para sa mga guro at mag-aaral sa China, upang masuri ang pananaw ng dalawang pangkat hinggil sa pagpapalit-palit ng wika sa mga klase ng English as a Foreign Language (EFL). Ang resulta ay kapwa positibo ang pananaw ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng code-switching ng guro. Gayunpaman, may ilang aytem na nagpakita ng pagkakaiba sa kanilang pananaw, at natuklasang higit na mas positibo ang disposisyon ng mga mag-aaral kumpara sa mga guro.

Tinukoy ni Chowdhury (2013) sa kaugnay na pag-aaral, ang mga dahilan ng paggamit ng code-switching ng mga guro at ang pananaw ng parehong guro at mag-aaral hinggil dito sa loob ng silid-aralan. Lumabas na ginagamit ng mga guro ang code-switching upang mapadali ang komunikasyon, makapagbigay ng paglilinaw, mapanatili ang kaayusan sa klase, at maisalin ang mga salitang hindi pamilyar sa mga mag-aaral. Bagaman nagpapakita ng positibong pananaw ang mga mag-aaral sa paggamit nito, marami sa mga guro ang nananatiling naniniwala na hindi ito nararapat isagawa sa klase.

Samantala, ipinakita sa pananaliksik nina Macaro at Lee (2013) na bagaman parehong kabataan at matatandang mag-aaral ay walang malinaw na pabor sa alinmang istilo ng guro, wala sa dalawang grupo ang pabor sa ganap na pagtatanggal ng unang wika sa interaksyon sa klase. Ang mga nasa hustong gulang ay mas komportableng tumanggap ng *English-only instruction*, marahil dahil sa mas marami na silang karanasan sa pagkatuto ng wika, bagaman hindi rin isinasantabi na ang kanilang pagtanggap ay maaaring bunga rin ng mas mataas na antas ng kahusayan sa Ingles.

Ipinakikita ng iba't ibang pananaliksik na ang code-switching ng guro ay nagsisilbing mahalagang estratehiya sa pagtuturo ng wika; gayunpaman, hindi magkakatulad ang pananaw ng mga guro at mag-aaral hinggil sa paggamit nito.

Ayon kina Domingo (2016), Nordin et al. (2013), at Valerio (2015), positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa code-switching sapagkat nakatutulong ito upang higit nilang maunawaan ang aralin at makilahok nang aktibo sa talakayan. Sinang-ayunan ito nina Henni (2017), Yao (2011), at Selamat (2014), na nag-ulat na kapwa guro at mag-

aaral sa Algeria, China, at Malaysia ay nagpapakita ng paborableng saloobin sa paggamit ng code-switching bilang suportang pedagohikal. Gayundin, natuklasan nina Adriosh at Razi (2019) na sa Libya, ginagamit ng mga guro ang unang wika para sa ilang layuning pedagohikal at panlipunan, at positibo rin ang pagtanggap dito ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, may mga pag-aaral na nagpapakita ng mas maingat o negatibong pananaw mula sa hanay ng mga guro. Halimbawa, iniulat nina Abdulghani at Almalki (2019) na sa Saudi Arabia, karamihan sa mga guro ay hindi sumusuporta sa paggamit ng unang wika sa mga EFL classroom. Katulad nito, napansin ni Johansson (2013) sa Sweden na mas ninanais ng mga guro na higpitan o limitahan ang paggamit ng code-switching. Dagdag pa rito, ipinakita nina Mingfa (2011) at Chowdhury (2013) na bagama't karaniwang positibo ang pananaw ng mga mag-aaral, may ilang guro ang naniniwalang ang madalas na pagpapalit ng wika ay maaaring hindi makabuti sa disiplina sa klase at sa paglinang ng kasanayan sa Ingles.

Samantala, ipinapakita naman ng mga pananaliksik nina Ma (2014) at Muhammad et al. (2016) na bagaman nakatutulong ang pagpapalit-palit ng wika sa mga mag-aaral, may ilan ding naniniwalang maaari itong magpabawas sa kanilang eksposyur sa Ingles. Ganito rin ang tinukoy nina Macaro at Lee (2013) na mas komportableng tanggapin ng mga nakatatandang mag-aaral ang *Ingles-only instruction* kumpara sa mga nakababatang mag-aaral.

Sa kabuuan, ang mga mag-aaral ay mas malinaw na positibong pananaw sa *code-switching* o pagpapalit-palit ng wika kumpara sa mga guro. Para sa kanila, ito ay mahalagang tulong sa kanilang pagkatuto at partisipasyon, samantalang para sa maraming guro, ito ay dapat gamitin nang limitado upang hindi mabawasan ang paggamit ng target na wika. Ipinakikita ng mga pananaliksik na ang pagpapalit-palit ng wika ay may parehong kalakasan at limitasyon, kaya't nananatili itong isang kritikal na usapin sa pagtuturo ng wika.

Sa hangaring mailarawan at maihambing ang mga saloobin ng mga guro at mag-aaral hinggil sa paggamit ng pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo, inaasahang makapag-aambag ang pananaliksik na ito sa pagpapalawak ng umiiral na kaalaman tungkol sa naturang paksa.

Ang kalalabasan ng pag-aaral ay magbibigay ng mas malinaw na pag-unawa sa pananaw ng parehong guro at mag-aaral ukol sa code-switching sa pagtuturo ng mga kursong pangkalahatang edukasyon sa kolehiyo. Mahalaga ang mga impormasyong ito para sa mga administrador at guro, lalo na sa pagrepaso at pagpapaunlad ng mga patakaran at programang pangwika na ipinatutupad sa loob ng silid-aralan.

Konseptuwal na Balangkas

Ang pananaliksik na ito ay binubuo ng dalawang pangunahing baryabols na naglalaman ng mga datos mula sa dalawang grupo ng mga kalahok, ang mga mag-aaral at mga guro. Ang unang baryabol na itinuturing na *explanatory variable* ay ang

oryentasyon sa wika. Ang *oryentasyon sa wika* ay tumutukoy sa mga pangunahing paniniwala, saloobin, at mga nakaugaliang pananaw na taglay ng mga indibidwal o ng lipunan hinggil sa mga wika at sa kanilang mga tungkulin. Malaki ang impluwensiya nito sa pagbabalangkas ng patakaran sa wika, pagpaplanong pangwika, at pedagohiya (Magadan & Limpot, 2023). Sa pag-aaral na ito, ang oryentasyon sa wika ay tumutukoy sa mga wikang ginagamit, wikang kinagisnan, kahusayan sa paggamit ng wika, at ang pananaw sa paggamit ng wika ng mga kalahok na maaaring gamitin sa pagpaplanong pangwika at pedagohiya sa pagtuturo nito.


Ang wikang ginagamit ay tumutukoy sa ginagamit na wika ng mga kalahok na mag-aaral at guro sa kanilang pakikipagkomunikasyon kapag kasama ang mga kaibigan, kamag-anak, pamilya, katrabaho, at sa sarili. Ang wikang kinagisnan ay tumutukoy sa edad na natuto at naging komportableng gamitin ng mga kalahok ang wika. Ang kahusayan sa wika naman ay tumutukoy sa antas ng kanilang kasanayan sa maraming wika, kabilang ang kanilang unang wika at iba pang wikang natutuhan. Sa wakas, ang mga pananaw sa wika ay sumasaklaw sa kanilang mga paniniwala at pananaw hinggil sa iba't ibang wika at mga gawi sa paggamit nito.

Ang ikalawang baryabol na itinuring na *outcome variable* ay ang saloobin sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon sa kolehiyo. Ito ay kinabibilangan ng apat na aspeto: ang katauhan ng guro, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ang ugnayang interpersonal.

Ang saloobin ay itinatakda bilang pangkalahatang pagtataya o pagtingin ng tao hinggil sa isang bagay, isang isyu, o isang tao (Reis & Judd, 2014). Binanggit din na maaaring magkaroon ang isang indibidwal ng positibo o negatibong saloobin batay sa kaniyang pagtataya. Sa pag-aaral na ito, ang *code-switching* o pagpapalit-palit ng wika ay tumutukoy sa sabayang paggamit ng guro ng wikang Filipino at Ingles sa mga interaksyon sa loob ng silid-aralan. Sa kontekstong ito, sinuri ang saloobin ng mga guro at mag-aaral hinggil sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro.

Natukoy ng mga mananaliksik ang apat na baryabol na nakaaapekto at naaapektuhan ng pagpapalit-palit ng wika ng guro. Una, ang Katauhan ng Guro ay tumutukoy sa saloobin sa pagkatao ng guro kapag sila ay nagpapalit-palit ng wika kapag sila ay nagtuturo. Ayon kina Zeenat at Imran (2020), ito ay nagsisilbing repleksiyon ng personal at emosyonal na katangian ng guro tungo sa kanilang mga mag-aaral. Sa pag-aaral na ito, ang katauhan ng guro ay sumasaklaw sa malinaw na pagpapahayag ng kanilang sarili sa wikang Ingles at Filipino, gayundin ang pagpapaunawa sa paksa sa kanilang pagtuturo, at pagpapalawak sa nabanggit na mga wika.

Ang Paglinang sa Paksa ay tumutukoy sa kakayahan ng guro na ipaunawa ang mga araling kanilang itinuturo sa mga mag-aaral. Tumutukoy din ito sa paraang ginagamit ng mga guro upang makakuha ng tugon mula sa mga mag-aaral at upang maisama sila sa pagtatalakay ng mga aralin.



Talanguhit 1. Oryentasyon sa Wika at Saloobin sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo ng mga Guro sa mga Kurso sa Pangkalahatang Edukasyon sa Kolehiyo

Ayon kay Chandra (2015), ang Pamamahala ng Klase ay tumutukoy sa mga hakbangin ng mga guro upang maitaguyod ang isang kapaligiran na nagtataguyod at sumusuporta sa akademiko at sosyo-emosyonal na pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy din ang pamamahala ng klase sa paraan ng paghahatid ng guro ng mga tagubilin upang mapanatili ang kaayusan at disiplina ng mga mag-aaral.

Panghuli, ang Ugnayang Interpersonal ay isang panandalian o pangmatagalang ugnayan sa pagitan ng dalawa o higit pang tao (Velmurugan, 2016). Sa konteksto ng mga asignaturang gumagamit ng wikang Ingles, tumutukoy ito sa paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral at kung paanong ang ganitong komunikasyon ay nakapagpapalakas ng motibasyon ng mga mag-aaral. Kasama rin dito ang pagtataguyod ng mabuting ugnayan sa mga mag-aaral at paglikha ng isang kaaya-ayang silid-aralan para sa lahat.

Ninais ng mga mananaliksik na ihambing ang saloobin ng mga guro at mag-aaral hinggil sa pagpapalit-palit ng wika ng guro sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon.

Layunin ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay may layuning matukoy ang oryentasyon sa wika ng mga mag-aaral at guro at ang kanilang saloobin sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon sa kolehiyo.

Ang mga tiyak na tanong na sinagot ng pag-aaral ay ang mga sumusunod:

1. Paano mailalarawan ang oryentasyon sa wika ng mga kalahok na mag-aaral ayon sa:
 - 1.1 Wikang Ginagamit,
 - 1.2 Wikang Kinagisnan, at
 - 1.3 Kahusayan sa Paggamit ng Wika?
2. Paano mailalarawan ang oryentasyon sa wika ng mga kalahok na guro ayon sa:
 - 2.1 Wikang Ginagamit,
 - 2.2 Wikang Kinagisnan,
 - 2.3 Kahusayan sa Paggamit ng Wika?
3. Paano mailalarawan ang saloobin ng mga kalahok na mag-aaral sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon ayon sa:
 - 3.1. Katauhan ng Guro,
 - 3.2. Paglinang sa Paksa,
 - 3.3. Pamamahala ng Klase, at
 - 3.4. Ugnayang Interpersonal?
4. Paano mailalarawan ang saloobin ng mga kalahok na guro sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon ayon sa:
 - 3.5. Katauhan ng Guro,
 - 3.6. Paglinang sa Paksa,
 - 3.7. Pamamahala ng Klase, at
 - 3.8. Ugnayang Interpersonal?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang saloobin ng mga mag-aaral na kalahok at guro na kalahok sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon?
6. Ano ang implikasyon ng resulta sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon sa kolehiyo?

Haypotesis

Ang nakalahad na haypotesis ay nais pag-aralan ng mga mananaliksik:

H₀1: Walang makabuluhang pagkakaiba ang saloobin ng mga mag-aaral na kalahok at guro na kalahok sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon.

METODOLOHIYA

Paraan ng Pananaliksik

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng isang *descriptive at comparative* na disenyo ng pananaliksik. Ito ay *descriptive* sapagkat inilarawan ng mga mananaliksik ang oryentasyon sa wika, at saloobin ng mga kalahok sa pagpapalit-palit ng wika. Ito ay *comparative* sapagkat ang saloobin sa pagpapalit-palit ng wika ng mga guro at mag-aaral na kalahok ay ikumpara sa bawat isa upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba.

Mga Kalahok at Sampling Teknik

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng dalawang grupo na nagmula sa pribadong paaralan sa Lungsod ng Angeles sa unang semester sa taong panuruan 2025-2026. Ang unang grupo ay ang 123 na mag-aaral na nasa ikalawang taon ng kanilang pag-aaral sa kolehiyo mula sa 10 kurso ng paaralan. Ang ikalawang grupo ay binubuo ng 15 mga gurong nagtuturo ng mga kurso sa pangkalahatang edukasyon sa kolehiyo. Ang *total enumeration technique* ang ginamit ng mga mananaliksik upang mapasagot ang lahat na nabanggit na mga kalahok.

Karamihan sa mga kalahok na mag-aaral ay may kursong Bachelor of Secondary Education (39) at BS in Hospitality Management (23). Ang pinakabata sa mga kalahok na mag-aaral ay 18 taong gulang at ang pinakamatanda ay 36 taong gulang. Ang kanilang edad ay karaniwang nasa 19 na taong gulang at may dispersyon 18 hanggang 20 taong gulang. Halos lahat sa kanila ay nakuha na ang mga pangkalahatang kurso sa kolehiyo na pinangungunahan ng Understanding the Self (USELF), at The Contemporary World w/ Peace Education (CONTWORLD). Samantala, karamihan sa mga kalahok na guro ay may kursong Bachelor of Secondary Education (11). Ang kanilang edad ay karaniwang nasa 37 na taong gulang. Sila ay karaniwang nagtuturo ng dalawa (2) o tatlong (3) pangkalahatang kurso sa kolehiyo.

Instrumento sa Pag-aaral

Ang pangunahing instrumento sa pag-aaral na ito ay ang talatanungang binuo ng mga mananaliksik mula sa mga ibat-ibang nakalathalang pag-aaral at pagsangguni sa mga dalubhasa sa paksang pinag-aaralan. Ang nabuong talatanungan ay dumaan sa balidasyon ng tatlong dalubhasang nagtuturo sa kolehiyo. Isa rito ang masteradong guro sa Filipino, guro sa pangkalahatang edukasyon, at guro at pinuno ng Research and Development Center. Ang ratings ng balidasyon ng tatlong dalubhasa ay 4.59 na nagsasabing ang talatanungan ay may mataas na *validity*.

Ang talatanungan ay nahahati sa tatlong (3) bahagi. Ang unang bahagi ay para sa propayl ng mga guro at mag-aaral na kalahok. Ang ikalawang bahagi para sa paglalarawan ng oryentasyon sa wika ng mga kalahok ayon sa wikang ginagamit, wikang kinagisnan, kahusayan sa paggamit ng wika, at pananaw sa paggamit ng wika. Ang ikatlong bahagi ay para mailarawan ang saloobin (attitude) sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkahalatang edukasyon ng mga kalahok ayon sa katauhan ng guro, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal. Ito ay halaw mula sa isinagawang pag-aaral ni Yao (2011) hinggil sa code-switching ng mga gurong Tsino sa mga klase ng ESL. Binago ng mga mananaliksik ang mga pahayag upang ito ay maging angkop sa kasalukuyang pananaliksik na gumagamit ng Filipino at Ingles bilang pangunahing wika.

Ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng *pilot-testing* sa mga mag-aaral na nasa unang taon sa kolehiyo. Bago ito isagawa, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng pahintulot sa Vice President for Academic Affairs. Ang *pilot-testing* ay isinagawa sa pamamagitan ng diretsahang pagpapasagot sa talatanungan na binubuo ng 34 mag-aaral mula sa departamento ng agham at edukasyon.

Ang mga kasagutan ng mga kalahok ay itinala sa Microsoft Excel at isinagawa ang pag-aanalisa gamit ang Cronbach's Alpha (α) para malaman ang reliability ng mga aytems. Ayun sa resulta ng *analysis*, ang bahagi ng talatanungan para sa pagpapalit-palit ng wika ayon sa katauhan ng guro na may limang katanungan at α na .833, paglinang sa paksa na may limang katanungan at α na .813, pamamahala ng klase na may limang katanungan at α na .829, at ugnayang interpersonal na may limang katanungan at α na .856 na nagsasabing ang mga bahagi ng talatanungan ay may mataas na *internal consistency and reliability*.

Pamamaraan sa Pagkalap ng Datos

Bago isagawa ang pagpapamahagi ng talatanungan, nagsumite muna ang mga mananaliksik ng mga kinakailangang dokumento sa Research Ethics Board ng Republic Central Colleges para makuha ang Ethics Clearance. Nang mabigyan na ng kaukulang clearance ang mga mananaliksik, sila ay humingi ng awtorisasyon sa pamamagitan ng isang liham-pahintulot sa pangalawang pangulo para sa mga Gawain Akademiko na maisama ang mga napiling guro at mag-aaral ng kolehiyo sa pagsasagawa ng pag-aaral. Sa pangangalap ng datos, ginamit ang diretsahang pagpapasagot sa pamamagitan ng pamamahagi ng talatanungan sa silid-aralan.

Pag-aanalisa ng mga Datos

Ang mga nakalap na datos mula sa mga kalahok ay itinala gamit ang Microsoft Excel 2017 at inanalisa gamit ang Licensed IBM SPSS Statistics 25.

Upang malaman ang nararapat na istatistikang kagamitan upang maanalisa nang maayos ang mga baryabols na nasa oryentasyon ng wika, ang mga datos na numero ng wikang ginagamit at wikang kinagisnan ay isinalang sa *normality testing* gamit ang

Shapiro-Wilk Test. Ayon sa resulta ng normality testing, ang p values ng mga baryabols ay mas mababa sa .05 level of significance na nangangahulugang ang mga ito ay hindi normal ang distribusyon. Batay dito, ang mga istatistikang kagamitan na *median* (\tilde{x}), at *interquartile range* (*IQR*) ay ginamit upang maipresenta ang mga nabanggit na baryabols. Samantala, ang baryabol na kahusayan sa paggamit ng wika ay inanalisa gamit ang *mean at standard deviation*, na ang sumusunod na iskala at paglalarawan ay ginamit:

<u>Mean (μ) Iskala*</u>	<u>Deskripsyon</u>
0	Walang Kasanayan (WK)
1.00-1.49	Mababang Kasanayan (MK)
1.50-2.49	Limitadong Kasanayan (LK)
2.50-3.49	Katamtamang Kasanayan (KK)
3.50-4.49	Mataas na Kasanayan (MNK)
4.50-5.00	Higit na Mataas na Kasanayan (HMK)

**Based on the rule of rounding off numbers*

Ang *Mann-Whitney U test* ay ginamit upang malaman ang makabuluhang pagkakaiba ng saloobin ng mga mag-aaral na kalahok at ng mga guro na kalahok sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga kursong pangkahalatang edukasyon. Ang p value na equal o mas mababa sa 0.05 ay itinuturing na makabuluhan.

RESULTA

Oryentasyon sa Wika ng mga Kalahok na Mag-aaral

Ang resulta ng pag-aanalisa ng mga datos sa oryentasyon sa wika ng mga kalahok na mag-aaral batay sa wikang ginagamit, wikang kinagisnan, at kahusayan sa paggamit ng wika ay nailahad sa mga sumusunod na talahanayan.

Wikang Ginagamit

Ang oryentasyon sa wika ng mga kalahok na mag-aaral ayon sa bahagdan ng wikang kanilang ginagamit sa loob ng isang linggo ay nailahad sa Talahanayan 1. Makikita dito na ang malaking bahagdan na ginagamit ng mga kalahok ay wikang Filipino kapag kasama ang kanilang kaibigan ($\tilde{x} = 50$, $IQR = \pm 40$), pamilya at kamag-anak ($\tilde{x} = 60$, $IQR = \pm 50$), at kapag nasa paaralan ($\tilde{x} = 60$, $IQR = \pm 40$). Ang Kapampangan ay pangalawang karaniwang ginagamit ng mga kalahok kapag kasama ang kaibigan at pamilya, samantalang ang Ingles naman ay pangalawang karaniwang ginagamit ng mga kalahok sa paaralan.

Talahanayan 1

Oryentasyon sa Wika ng mga Kalahok na Mag-aaral batay sa Wikang Ginagamit

Wikang Ginagamit ng mga Mag-aaral	Ingles		Filipino		Kapampangan	
	\tilde{x}	IQR	\tilde{x}	IQR	\tilde{x}	IQR
<i>Bahagdan ng oras sa loob ng isang linggo na ginagamit ang mga sumusunod na wika kapag:</i>						
1. kasama ang mga kaibigan	20	±30	50	±40	30	±50
2. kasama ang mga pamilya at kamag-anak	10	±30	60	±50	35	±80
3. nasa paaralan o trabaho	30	±30	60	±40	20	±50

Legend: \tilde{x} =Median, IQR=Interquartile Range; N = 123

Wikang Kinagisnan

Ang oryentasyon sa wika ng mga kalahok na mag-aaral ayon sa wikang kanilang kinagisnan ay nailahad sa Talahanayan 2. Ayun sa resulta, ang wikang Filipino ang unang wikang kinagisnan ng mga kalahok at karaniwang nagsimula silang magsalita sa edad na tatlo (3) at naramdaman nilang sila ay komportable sa pagsalita nito sa edad na anim (6). Sumunod naman nilang natutunang magsalita ng Kapampangan sa edad na lima (5) at naging komportable sa pagsalita nito sa edad na pito (7). Samantala, sa edad na pito (7) una silang nagsalita ng Ingles at naging komportable sa edad na sampu (10).

Talahanayan 2

Oryentasyon sa Wika ng mga Kalahok na Mag-aaral batay sa Wikang Kinagisnan

Wikang Kinagisnan ng mga Mag-aaral	Ingles		Filipino		Kapampangan	
	\tilde{x}	IQR	\tilde{x}	IQR	\tilde{x}	IQR
1. Edad na nagsimulang matuto sa pagsasalita ng wika	7	±5	3	±2	5	±6
2. Edad na nagsimulang maramdamang komportable sa paggamit ng wika	10	±4	6	±4	7	±8

Legend: \tilde{x} =Median, IQR=Interquartile Range; N = 123

Kahusayan sa Paggamit ng Wika

Ang oryentasyon sa wika ng mga kalahok na mag-aaral ayon sa kanilang kahusayan sa paggamit ng wika ay nailahad sa Talahanayan 3. Ayun sa resulta, ang mga kalahok ay may mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita

($\mu = 4.17$, $\sigma = \pm.80$), pag-unawa ($\mu = 4.23$, $\sigma = \pm.82$), pagbasa ($\mu = 4.33$, $\sigma = \pm.83$), at pagsulat ($\mu = 4.02$, $\sigma = \pm.96$). Sila rin ay may mataas na kasanayan sa wikang Ingles sa pag-unawa ($\mu = 3.55$, $\sigma = \pm.95$) at pagbasa ($\mu = 4.03$, $\sigma = \pm.80$), at katamtamang kasanayan sa ganitong wika sa pagsasalita ($\mu = 3.01$, $\sigma = \pm.71$) at pagsulat ($\mu = 3.36$, $\sigma = \pm.89$). Sila naman ay may katamtamang kasanayan sa paggamit ng wikang Kapampangan sa pagsasalita ($\mu = 2.97$, $\sigma = \pm1.7$), pag-unawa ($\mu = 3.19$, $\sigma = \pm1.6$), pagbasa ($\mu = 3.02$, $\sigma = \pm1.6$), at pagsulat ($\mu = 2.57$, $\sigma = \pm1.7$).

Talahanayan 3

Oryentasyon sa Wika ng mga Kalahok na Mag-aaral batay sa Kahusayan sa Paggamit ng Wika

Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Wika	Ingles			Filipino			Kapampangan		
	μ	σ	Des	μ	σ	Des	μ	σ	Des
1. Pagsalita	3.01	$\pm.71$	KK	4.17	$\pm.80$	MNK	2.97	±1.7	KK
2. Pag-unawa	3.55	$\pm.95$	MNK	4.23	$\pm.82$	MNK	3.19	±1.6	KK
3. Pagbasa	4.03	$\pm.80$	MNK	4.33	$\pm.83$	MNK	3.02	±1.6	KK
4. Pagsulat	3.36	$\pm.89$	KK	4.02	$\pm.96$	MNK	2.57	±1.7	KK

Legend: μ =Population Mean σ =Standard Deviation; Des=Deskripsyon; N = 123; KK=Katamtamang Kasanayan; MNK=Mataas na Kasanayan

Oryentasyon sa Wika ng mga Kalahok na Guro

Ang resulta ng pag-aanalisa ng mga datos sa oryentasyon sa wika ng mga kalahok na guro batay sa wikang ginagamit, wikang kinagisnan, at kahusayan sa paggamit ng wika ay nailahad sa mga sumusunod na talahanayan.

Wikang Ginagamit

Ang oryentasyon sa wika ng mga kalahok na guro ayon sa bahagdan ng wikang kanilang ginagamit sa loob ng isang linggo ay nailahad sa Talahanayan 4. Makikita dito na ang malaking bahagdan na ginagamit ng mga kalahok ay wikang Filipino kapag kasama ang kanilang kaibigan ($\tilde{x} = 50$, $IQR = \pm50$), kapampangan naman kapag kasama ang pamilya at kamag-anak ($\tilde{x} = 70$, $IQR = \pm90$), at Ingles naman ang karaniwang ginagamit kapag nasa paaralan o trabaho ($\tilde{x} = 50$, $IQR = \pm30$). Ang resultang ito ay nagsasabing ang mga kalahok ay gumagamit ng ibat-ibang wika depende sa kung sino ang kanilang kasama at lugar na kinalalagyan.

Talahanayan 4

Oryentasyon sa Wika ng mga Kalahok na Guro batay sa Wikang Ginagamit

Wikang Ginagamit ng mga Guro	Ingles		Filipino		Kapampangan	
	\tilde{x}	IQR	\tilde{x}	IQR	\tilde{x}	IQR
<i>Bahagdan ng oras sa loob ng isang linggo na ginagamit ang mga sumusunod na wika kapag:</i>						
1. kasama ang mga kaibigan	30	±30	50	±50	40	±70
2. kasama ang mga pamilya at kamag-anak	20	±20	50	±50	70	±90
3. nasa paaralan o trabaho	50	±30	40	±60	30	±50

Legend: \tilde{x} =Median, IQR=Interquartile Range; N = 15

Wikang Kinagisnan

Ang oryentasyon sa wika ng mga kalahok na guro ayon sa wikang kanilang kinagisnan ay nailahad sa Talahanayan 5. Ayun sa resulta, ang wikang Kapampangan ang unang wikang kinagisnan ng mga kalahok at karaniwang nagsimula silang magsalita sa edad na apat (4) at naramdaman nilang sila ay komportable sa pagsasalita nito sa edad na anim (6). Sumunod naman nilang natutunang magsalita ng Filipino sa edad na lima (5) at naging komportable sa pagsasalita nito sa edad na pito (7). Samantala, sa edad na anim at kalahati (6.5) una silang nagsalita ng Ingles at naging komportable sa edad na 12.

Talahanayan 5

Oryentasyon sa Wika ng mga Kalahok na Guro batay sa Wikang Kinagisnan

Wikang Kinagisnan ng mga Guro	Ingles		Filipino		Kapampangan	
	\tilde{x}	IQR	\tilde{x}	IQR	\tilde{x}	IQR
1. Edad na nagsimulang matuto sa pagsasalita ng wika	6.5	±4	5	±3	4	±3
2. Edad na nagsimulang maramdamang komportable sa paggamit ng wika	12	±2	7	±4	6	±6

Legend: \tilde{x} =Median, IQR=Interquartile Range; N = 15

Kahusayan sa Paggamit ng Wika

Ang oryentasyon sa wika ng mga kalahok na guro ayon sa kanilang kahusayan sa paggamit ng wika ay nailahad sa Talahanayan 6. Ayun sa resulta, ang mga kalahok ay may sobrang mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagbasa ($\mu = 4.53$, $\sigma = \pm.64$) at mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang ito sa pagsalita ($\mu = 4.27$, $\sigma = \pm.70$), pag-unawa ($\mu = 4.20$, $\sigma = \pm.67$), at pagsulat ($\mu = 4.13$, $\sigma = \pm.74$). Sila rin ay may sobrang mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang Ingles sa pagbasa ($\mu = 4.53$, $\sigma = \pm.51$) at mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang ito sa pagsalita ($\mu = 3.73$, $\sigma = \pm.70$), pag-unawa ($\mu = 4.20$, $\sigma = \pm.41$), at pagsulat ($\mu = 4.00$, $\sigma = \pm.53$). Sila naman ay may mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang Kapampangan sa pag-unawa ($\mu = 3.80$, $\sigma = \pm.86$) at katamtaman na kasanayan sa paggamit ng wikang ito sa pagsalita ($\mu = 3.40$, $\sigma = \pm 1.2$), pagbasa ($\mu = 3.47$, $\sigma = \pm 1.2$), at pagsulat ($\mu = 2.67$, $\sigma = \pm 1.2$).

Talahanayan 6

Oryentasyon sa Wika ng mga Kalahok na Guro batay sa Kahusayan sa Paggamit ng Wika

Kahusayan ng mga Guro sa Paggamit ng Wika	Ingles			Filipino			Kapampangan		
	μ	σ	Des	μ	σ	Des	μ	σ	Des
1. Pagsalita	3.73	$\pm.70$	MNK	4.27	$\pm.70$	MNK	3.40	± 1.2	KK
2. Pag-unawa	4.20	$\pm.41$	MNK	4.20	$\pm.67$	MNK	3.80	$\pm.86$	MNK
3. Pagbasa	4.53	$\pm.51$	HMK	4.53	$\pm.64$	HMK	3.47	± 1.2	KK
4. Pagsulat	4.00	$\pm.53$	MNK	4.13	$\pm.74$	MNK	2.67	± 1.2	KK

Legend: μ =Population Mean σ =Standard Deviation; Des=Deskripsyon; N = 15; KK=Katamtamang Kasanayan; MNK=Mataas na Kasanayan; HMK=Higit na Mataas na Kasanayan

Saloobin ng mga Kalahok na Mag-aaral sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo ng mga Guro sa mga Kurso sa Pangkahalatang Edukasyon

Ang saloobin ng mga kalahok na mag-aaral sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkahalatang edukasyon ayon sa katauhan ng guro, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal ay nailathala sa Talahanayan 7.

Katauhan ng Guro

Ipinapakita sa resulta na ang mga kalahok na mag-aaral ay sumasang-ayon na ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay nakatutulong sa madaliang pagpapaunawa sa paksa ($\mu = 3.40$); nagpapalinis at nagpapalawak sa wika ($\mu = 3.31$); malinaw na naipapahayag ang kanilang sarili sa parehong mga wika ($\mu = 3.29$); bihasa sa paggamit ng wikang Ingles at Filipino ($\mu = 3.29$); at bihasa sa multi-lingual ($\mu = 3.18$). Sa kabuuan, ang mga kalahok

na mag-aaral ay may positibong saloobin ($\mu = 3.29$) sa katauhan ng guro kung sila ay nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles sa kanilang pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon.

Paglinang sa Paksa

Ipinapakita sa resulta na ang mga kalahok na mag-aaral ay sumasang-ayon na ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na nakapagpapalinaw sa nilalaman ng aralin na itinuro ($\mu = 3.30$); higit na makapagpapaliwanag ng mga paksang pangkultura sa teksto ($\mu = 3.25$); maaaring mas mahusay na makakuha ng mga tugon mula sa mga mag-aaral ($\mu = 3.25$); at maaaring gawin ito sa lahat ng uri ng mga paksa sa klase ($\mu = 3.06$). Sa kabuuan, ang mga kalahok na mag-aaral ay may positibong saloobin ($\mu = 3.22$) sa paglinang ng paksa ng guro kung sila ay nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles sa kanilang pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon.

Pamamahala ng Klase

Ipinapakita sa resulta na ang mga kalahok na mag-aaral ay sumasang-ayon na ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas nakapagpapalinaw ng mga tagubilin sa gawain ($\mu = 3.33$); mas na nakakakuha ng atensyon ng mga mag-aaral ($\mu = 3.26$); mas direktang natatawag ang mag-aaral sa talakayan ($\mu = 3.26$); at mas nakapagdisiplina sa mga mag-aaral ($\mu = 3.15$). Sa kabuuan, ang mga kalahok na mag-aaral ay may positibong saloobin ($\mu = 3.24$) sa pamamahala ng klase ng guro kung sila ay nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles sa kanilang pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon.

Ugnayang Interpersonal

Ipinapakita sa resulta na ang mga kalahok na mag-aaral ay sumasang-ayon na ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay maaaring mahusay na makipagtalastasan at negosasyon sa mga mag-aaral ($\mu = 3.38$); mas nakapagkomento sa mga tugon ng mga mag-aaral ($\mu = 3.35$); higit na nakapagghikayat sa partisipasyon ng mga mag-aaral ($\mu = 3.34$); higit na napupuri ang mga pagganap ng mag-aaral ($\mu = 3.24$); higit na nagpapasigla sa kapaligiran ng klase halimbawa gumawa ng biro para sa katatawanan ($\mu = 3.24$). Sa kabuuan, ang mga kalahok na mag-aaral ay may positibong saloobin ($\mu = 3.31$) sa interpersonal na ugnayan ng guro kung sila ay nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles sa kanilang pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon.

Ang kabuuang resulta ay nagsasabing may positibong saloobin ($\mu = 3.26$) ang mga kalahok na mag-aaral sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga

kurso sa pangkahalatang edukasyon ayon sa katauhan ng guro, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal.

Talahanayan 7

Saloobin ng mga Kalahok na Mag-aaral sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo ng mga Guro sa mga Kurso sa Pangkahalatang Edukasyon

Katauhan ng Guro	μ	Desk
1. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay malinaw na naipapahayag ang kanilang sarili sa parehong mga wika.	3.29	SA
2. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay nakatutulong sa madaliang pagpapaunawa sa paksa.	3.40	SA
3. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay nagpapalinis at nagpapalawak sa wika.	3.31	SA
Katauhan ng Guro	μ	Desk
4. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay bihasa sa multi-lingual.	3.18	SA
5. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay bihasa sa paggamit ng wikang Ingles at Filipino.	3.29	SA
Sub-mean	3.29	SA
Paglinang sa Paksa	μ	Desk
6. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay maaaring gawin ito sa lahat ng uri ng mga paksa sa klase.	3.06	SA
7. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas maipapaliwanag ang mga puntong panggramatika at mga leksikal na aytem sa teksto.	3.23	SA
8. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino ay higit na makapagpaliwanag ng mga paksang pangkultura sa teksto.	3.25	SA
9. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay maaaring mas mahusay na makakuha ng mga tugon mula sa mga mag-aaral	3.25	SA
10. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na nakapagpapalinaw sa nilalaman ng aralin na itinuro.	3.30	SA
Sub-mean	3.22	SA

Pamamahala ng Klase	μ	Desk
11. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas nakapagpapalinaw ng mga tagubilin sa gawain.	3.33	SA
12. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas nakakapagdisiplina sa mga mag-aaral.	3.15	SA
13. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas na nakakakuha ng atensyon ng mga mag-aaral.	3.26	SA
14. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas kontrolado ang gawi ng mga mag-aaral sa silid-aralan.	3.18	SA
15. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas direktang natatawag ang mag-aaral sa talakayan.	3.26	SA
Sub-mean	3.24	SA
Ugnayang Interpersonal	μ	Desk
16. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na nakakapaghikayat sa partisipasyon ng mga mag-aaral.	3.34	SA
17. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na napupuri ang mga pagganap ng mag-aaral.	3.24	SA
Ugnayang Interpersonal	μ	Desk
18. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na nagpapasigla sa kapaligiran ng klase (hal. gumawa ng biro para sa katatawanan)	3.24	SA
19. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles mas nakakapagkomento sa mga tugon ng mga mag-aaral.	3.35	SA
20. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay maaaring mahusay na makipagtalastasan at negosasyon sa mga mag-aaral.	3.38	SA
Sub-mean	3.31	SA
Overall Mean	3.26	SA

$N=123$; μ —population mean; Desk – Deskripsyon; SA—Sumasang-ayon

Saloobin ng mga Kalahok na Guro sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo sa mga Kurso sa Pangkalahatang Edukasyon

Ang saloobin ng mga kalahok na guro sa pagpapalit-palit ng wika sa kanilang pagtuturo sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon ayon sa kanilang katauhan, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal ay nailathala sa Talahanayan 8.

Katauhan ng Guro

Ipinapakita sa resulta na ang mga kalahok na guro ay lubos na sumasang-ayon na ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay nakatutulong sa kanilang madaliang pagpapaunawa sa paksa ($\mu = 3.67$); malinaw na naipapahayag ang kanilang sarili sa parehong mga wika ($\mu = 3.60$); at nagpapalinis at nagpapalawak sa wika ($\mu = 3.53$). Samantala, sila ay sumasang-ayon na sila ay bihasa sa multi-lingual ($\mu = 3.40$); at bihasa sa paggamit ng wikang Ingles at Filipino ($\mu = 3.20$). Sa kabuuan, ang mga kalahok na guro ay may positibong saloobin ($\mu = 3.48$) sa katauhan ng guro kung sila ay nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles sa kanilang pagtuturo ng mga kurso sa pangkalahatang edukasyon.

Paglinang sa Paksa

Ipinapakita sa resulta na ang mga kalahok na guro ay lubos na sumasang-ayon na ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na makapagpapaliwanag ng mga paksang pangkultura sa teksto ($\mu = 3.53$); at higit na nakapagpapalinaw sa nilalaman ng aralin na kanilang itinuro ($\mu = 3.53$). Sa karagdagan, sila ay sumasang-ayon na maaaring mas mahusay silang makakuha ng mga tugon mula sa mga mag-aaral ($\mu = 3.47$); at mas maipapaliwanag ang mga puntong panggramatika at mga leksikal na aytem sa teksto ($\mu = 3.27$). Sa kabilang banda, sila ay hindi sumasang-ayon na maaaring gawin ang pagpapalit-palit ng wika sa lahat ng uri ng mga paksa sa klase ($\mu = 2.40$). Sa kabuuan, ang mga kalahok na guro ay may positibong saloobin ($\mu = 3.24$) sa kanilang paglinang sa paksa kung sila ay nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles sa kanilang pagtuturo ng mga kurso sa pangkalahatang edukasyon.

Pamamahala ng Klase

Ipinapakita sa resulta na ang mga kalahok na guro ay lubos na sumasang-ayon na ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas nakapagpapalinaw ng mga tagubilin sa gawain ($\mu = 3.60$); at mas na nakakakuha ng atensyon ng mga mag-aaral ($\mu = 3.60$). Samantala, sila ay sumasang-ayon na mas nakapagdisiplina sila sa mga mag-aaral ($\mu = 3.40$); mas direktang natatawag ang mag-aaral sa talakayan ($\mu = 3.40$); at mas kontrolado ang gawi ng mga mag-aaral sa silid-aralan ($\mu = 3.33$). Sa kabuuan, ang mga kalahok na guro ay

may positibong saloobin ($\mu = 3.47$) sa kanilang pamamahala sa klase kung sila ay nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles sa kanilang pagtuturo ng mga kurso sa pangkalahatang edukasyon.

Ugnayang Interpersonal

Ipinapakita sa resulta na ang mga kalahok na guro ay lubos na sumasang-ayon na ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na nakakapaghikayat sa partisipasyon ng mga mag-aaral ($\mu = 3.67$); mas nakakapagkomento sa mga tugon ng mga mag-aaral ($\mu = 3.60$); higit na napupuri ang mga pagganap ng mag-aaral ($\mu = 3.53$); at maaaring mahusay na makipagtalastasan at negosasyon sa mga mag-aaral ($\mu = 3.53$). Sa karagdagan, sila ay sumasang-ayon na higit na nagpapasigla sa kapaligiran ng klase halimbawa gumawa ng biro para sa katatawanan gamit ang ibang wika ($\mu = 3.33$). Sa kabuuan, ang mga kalahok na guro ay may mataas positibong saloobin ($\mu = 3.53$) sa kanilang ugnayang interpersonal kung sila ay nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles sa kanilang pagtuturo ng mga kurso sa pangkalahatang edukasyon.

Ang kabuuang resulta ay nagsasabing may positibong saloobin ($\mu = 3.43$) ang mga kalahok na guro sa pagpapalit-palit ng wika sa kanilang pagtuturo sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon ayon sa kanilang katauhan, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal.

Talahanayan 8

Saloobin ng mga Kalahok na Guro sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo sa mga kurso sa Pangkalahatang Edukasyon

Katauhan ng Guro	μ	Desk
1. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay malinaw na naipapahayag ang kanilang sarili sa parehong mga wika.	3.60	LSA
2. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay nakatutulong sa madaliang pagpapaunawa sa paksa.	3.67	LSA
3. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay nagpapalinis at nagpapalawak sa wika.	3.53	LSA
Katauhan ng Guro	μ	Desk
4. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay bihasa sa multi-lingual.	3.40	SA

5. Ang mga mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay bihasa sa paggamit ng wikang Ingles at Filipino.	3.20	SA
Sub-mean	3.48	SA
Paglinang sa Paksa	μ	Desk
6. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay maaaring gawin ito sa lahat ng uri ng mga paksa sa klase.	2.40	HS
7. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas maipapaliwanag ang mga puntong panggramatika at mga leksikal na aytem sa teksto.	3.27	SA
8. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino ay higit na makapagpapaliwanag ng mga paksang pangkultura sa teksto.	3.53	LSA
9. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay maaaring mas mahusay na makakuha ng mga tugon mula sa mga mag-aaral	3.47	SA
10. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na nakapagpapalinaw sa nilalaman ng aralin na itinuro.	3.53	LSA
Sub-mean	3.24	SA
Pamamahala ng Klase	μ	Desk
11. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas nakapagpapalinaw ng mga tagubilin sa gawain.	3.60	LSA
12. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas nakakapagdisiplina sa mga mag-aaral.	3.40	SA
13. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas na nakakakuha ng atensyon ng mga mag-aaral.	3.60	LSA
14. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas kontrolado ang gawi ng mga mag-aaral sa silid-aralan.	3.33	SA
15. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas direktang natatawag ang mag-aaral sa talakayan.	3.40	SA
Sub-mean	3.47	SA
Ugnayang Interpersonal	μ	Desk
16. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na nakakapaghikayat sa partisipasyon ng mga mag-aaral.	3.67	LSA

17. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na napupuri ang mga pagganap ng mag-aaral. 3.53 LSA

Ugnayang Interpersonal	μ	Desk
18. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na nagpapasigla sa kapaligiran ng klase (hal. gumawa ng biro para sa katatawanan)	3.33	SA
19. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles mas nakakapagkomento sa mga tugon ng mga mag-aaral.	3.60	LSA
20. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay maaaring mahusay na makipagtalastasan at negosasyon sa mga mag-aaral.	3.53	LSA
	Sub-mean	3.53 LSA
	Overall Mean	3.43 SA

N=15; μ -population mean; Desk – Deskripsyon

LHS-Lubos na Hindi Sumasang-ayon, HS-Hindi Sumasang-ayon, SA-Sumasang-ayon, LSA-Lubos na Sumasang-ayon

Pagkakaiba ng Saloobin ng mga Mag-aaral na kalahok at Guro na kalahok sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo ng mga Kurso sa Pangkalahatang Edukasyon

Ang resulta sa pag-aanalisa ng pagkakaiba ng saloobin ng mga mag-aaral na kalahok at guro na kalahok sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga kurso sa pangkalahatang edukasyon gamit ang Mann-Whitney U test ay nailahad sa Talahanayan 9.

Ayon sa resulta, ang saloobin ng mga kalahok sa katauhan ng guro na nagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng pangkalahatang edukasyon ay may makabuluhang pagkakaiba (*significant difference*) sa aspeto na mas malinaw na naipapahayag ang kanilang sarili sa Ingles at Filipino ($mag-aaral_{mr} = 67.45$, $guro_{mr} = 86.30$, $p = .048$). Wala namang pagkakaiba ang saloobin ng mga kalahok sa aspeto na ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay nakatutulong sa madaliang pagpapaunawa sa paksa ($p = .110$), nagpapalinis at nagpapalawak sa wika ($p = .115$), bihasa sa multi-lingual ($p = .229$), at bihasa sa paggamit ng wikang Ingles at Filipino ($p = .500$), sapagkat ang mga *p values* ay mas mataas sa *.05 level of significance*.

Batay naman sa paglinang sa paksa, ang saloobin ng mga kalahok sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng pangkalahatang edukasyon ay may makabuluhang pagkakaiba (*significant difference*) sa aspeto na maaaring gawin ito sa lahat ng uri ng

mga paksa sa klase ($mag\text{-}aaral_{mr} = 73.37$, $guro_{mr} = 37.80$, $p < .001$). Wala namang pagkakaiba ang saloobin ng mga kalahok sa aspeto na ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas maipapaliwanag ang mga puntong panggramatika at mga leksikal na aytem sa teksto ($p = .884$), mas higit na makapagpapaliwanag ng mga paksang pangkultura sa teksto ($p = .071$), maaaring mas mahusay na makakuha ng mga tugon mula sa mga mag-aaral ($p = .163$), at mas higit na nakapagpapalinaw sa nilalaman ng aralin na itinuro ($p = .143$), sapagkat ang mga p values ay mas mataas sa *.05 level of significance*.

Ayon naman sa pamamahala ng klase, ang saloobin ng mga kalahok sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng pangkalahatang edukasyon ay may makabuluhang pagkakaiba (*significant difference*) sa aspeto na mas na nakakakuha ng atensyon ng mga mag-aaral kapag nagpapalit-palit ng wika ang guro ($mag\text{-}aaral_{mr} = 67.18$, $guro_{mr} = 88.50$, $p = .026$). Wala namang pagkakaiba ang saloobin ng mga kalahok sa aspeto na ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas nakapagpapalinaw ng mga tagubilin sa gawain ($p = .071$), mas nakakapagdisiplina sa mga mag-aaral ($p = .142$), mas kontrolado ang gawi ng mga mag-aaral sa silid-aralan ($p = .369$), at mas direktang natatawag ang mag-aaral sa talakayan ($p = .349$), sapagkat ang mga p values ay mas mataas sa *.05 level of significance*.

Batay naman sa ugnayang interpersonal, ang saloobin ng mga kalahok sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng pangkalahatang edukasyon ay may makabuluhang pagkakaiba (*significant difference*) sa aspeto na mas higit na nakakapaghikayat sa partisipasyon ng mga mag-aaral kapag nagpapalit-palit ng wika mula Ingles patungo sa Filipino o Filipino patungo sa Ingles ($mag\text{-}aaral_{mr} = 67.22$, $guro_{mr} = 88.17$, $p = .027$). Wala namang pagkakaiba ang saloobin ng mga kalahok sa aspeto na ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas higit na napupuri ang mga pagganap ng mag-aaral ($p = .072$), higit na nagpapasigla sa kapaligiran ng klase ($p = .666$), mas nakakapagkomento sa mga tugon ng mga mag-aaral ($p = .122$), at maaaring mahusay na makipagtalastasan at negosasyon sa mga mag-aaral ($p = .333$), sapagkat ang mga p values ay mas mataas sa *.05 level of significance*.

Talahanayan 9

Pagkakaiba ng Saloobin ng mga Kalahok na Mag-aaral at Guro sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo ng mga Kurso sa Pangkalahatang Edukasyon

Saloobin sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo ng mga kurso sa Pangkalahatang Edukasyon	Mann-Whitney U Test		
	Mag-aaral	Guro	p -value
A. Katauhan ng Guro			
1. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay malinaw na naipapahayag ang kanilang sarili sa parehong mga wika.	67.45	86.30	.048*

2. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay nakatutulong sa madaliang pagpapaunawa sa paksa.	67.81	83.33	.110
3. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay nagpapalinis at nagpapalawak sa wika.	68.04	81.47	.115
4. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay bihasa sa multi-lingual.	68.23	79.90	.229
5. Ang mga mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay bihasa sa paggamit ng wikang Ingles at Filipino.	70.20	63.77	.500
Sub-mean	68.25	79.77	.209

Saloobin sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo ng mga kurso sa Pangkalahatang Edukasyon	Mann-Whitney U Test		
	Mag-aaral	Guro	p-value
B. Paglinang sa Paksa			
6. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay maaaring gawin ito sa lahat ng uri ng mga paksa sa klase.	73.37	37.80	<.001**
7. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas maipapaliwanag ang mga puntong panggramatika at mga leksikal na aytem sa teksto.	69.35	70.70	.884
8. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na makapagpapaliwanag ng mga paksang pangkultura sa teksto.	67.65	84.67	.071
9. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay maaaring mas mahusay na makakuha ng mga tugon mula sa mga mag-aaral	68.09	81.07	.163
10. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na nakapagpapalinaw sa nilalaman ng aralin na itinuro.	67.98	81.93	.143
Sub-mean	68.99	73.67	.063

C. Pamamahala ng Klase			
11. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino	67.65	84.70	.071

patungo sa Ingles ay mas nakapagpapalinaw ng mga tagubilin sa gawain.			
12. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas nakakapagdisiplina sa mga mag-aaral.	67.98	82.00	.142
13. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas na nakakakuha ng atensyon ng mga mag-aaral.	67.18	88.50	.026*
Saloobin sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo ng mga kurso sa Pangkalahatang Edukasyon		Mann-Whitney U Test	
Pamamahala ng Klase	Mag-aaral	Guro	p-value
14. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas kontrolado ang gawi ng mga mag-aaral sa silid-aralan.	68.57	77.13	.369
15. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay mas direktang natatawag ang mag-aaral sa talakayan.	68.57	77.10	.349
Sub-mean	67.59	85.13	.052
D. Ugnayang Interpersonal			
16. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na nakakapaghikayat sa partisipasyon ng mga mag-aaral.	67.22	88.17	.027*
17. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na napupuri ang mga pagganap ng mag-aaral.	67.63	84.87	.072
18. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay higit na nagpapasigla sa kapaligiran ng klase (hal. gumawa ng biro para sa katatawanan)	69.05	73.17	.666
19. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles mas nakakapagkomento sa mga tugon ng mga mag-aaral.	67.88	82.80	.122
20. Ang mga gurong nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles ay maaaring mahusay na makipagtalastasan at negosasyon sa mga mag-aaral.	68.50	77.73	.333
Sub-mean	67.61	85.00	.063

Overall mean	67.79	83.50	.086
--------------	-------	-------	------

** *Difference is significant at the 0.01 level (2-tailed) p <.01*
* *Difference is significant at the 0.05 level (2-tailed) p <.05*

DISKUSYON

Oryentasyon sa Wika ng mga Kalahok na Mag-aaral

Ang oryentasyon sa wika ng mga kalahok na mag-aaral batay sa wikang ginagamit, wikang kinagisnan, kahusayan sa paggamit ng wika, at pananaw sa paggamit ng wika ay nabigyang linaw mula sa resulta ng pag-aanalisa ng mga datos.

Wikang Ginagamit

Ang malaking bahagdan na ginagamit ng mga kalahok ay wikang Filipino kapag kasama ang kanilang kaibigan, pamilya at kamag-anak, kapag nasa paaralan, at kapag kinakausap ang sarili. Ang Kapampangan ay pangalawang karaniwang ginagamit ng mga kalahok kapag kasama ang kaibigan at pamilya, samantalang ang Ingles naman ay pangalawang karaniwang ginagamit ng mga kalahok sa paaralan at kapag kinakausap ang sarili. Ipinapakita sa resultang ito ang pagiging dominante ng wikang Filipino na ginagamit ng mga mag-aaral sa kanilang pakikipagtalastasan. Bagaman ang Kapampangan ang pangunahing wika ng Pampanga, ito ay pumapangalawa lamang sa wikang Filipino na karaniwang ginagamit ng mga kalahok na mag-aaral. Ipinaliwanag ni Elli (2012) na ang penomenong ito ay bunga ng kakulangan ng mga pagkakataong magamit ang wikang Kapampangan, kaya nagaganap ang *code-switching* na gumagamit ng Filipino bilang batayang pangungusap.

Wikang Kinagisnan

Ang wikang Filipino ang unang wikang kinagisnan ng mga kalahok at karaniwang nagsimula silang magsalita sa edad na tatlo (3) at naramdaman nilang sila ay komportable sa pagsalita nito sa edad na anim (6). Sumunod naman nilang natutunang magsalita ng Kapampangan sa edad na lima (5) at naging komportable sa pagsalita nito sa edad na pito (7). Samantala, sa edad na pito (7) una silang nagsalita ng Ingles at naging komportable sa edad na sampu (10). Ipinapakita sa resultang ito na ang mga mag-aaral ay unang natutunan ang lokal na wika na Filipino at Kapampangan. Ito ay may kinalaman sa karaniwang wikang ginagamit ng kasamahan sa tahanan na siyang kinamulatan ng mga kalahok na mag-aaral. Samantalang ang wikang Ingles na itinuturing na banyagang wika ay karaniwan lamang na napapakinggan at nagagamit sa paaralan. Marahil ito ang dahilan kung saan ang mga mag-aaral na kalahok ay nagsimulang magsalita ng Ingles sa edad na pito (7) sapagkat sila ay nasa paaralan. Ang natuklasang ito ay kaayon ng pag-aaral ni Al Zoubi (2018) na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng maagang pagkalantad sa wika at sa papel nito sa pagkatuto ng wika.

Kahusayan sa Paggamit ng Wika

Ang mga kalahok ay may mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita, pag-unawa, pagbasa, at pagsulat. Sila rin ay may mataas na kasanayan sa wikang Ingles sa pag-unawa at pagbasa, at katamtamang kasanayan sa ganitong wika sa pagsasalita at pagsulat. Sila naman ay may katamtamang kasanayan sa paggamit ng wikang Kapampangan sa pagsasalita, pag-unawa, pagbasa, at pagsulat. Ipinapakita sa resultang ito na ang mga kalahok na mag-aaral ay may mataas na kasanayan sa lokal na wikang Filipino at banyagang wikang Ingles. Marahil ito ay dulot ng pangunahing mga wikang ginagamit sa paaralan ay ang Filipino at Ingles na kung saan ang mga kalahok na mag-aaral ay maraming pagkakataon na hubugin ang kanilang kahusayan sa pagsasalita, pag-unawa, pagbasa, at pagsulat sa paggawa ng kanilang mga takdang-aralin at mga kahingian sa klase sa patnubay at pagtuturo ng kanilang mga guro. Samantalang ang wikang Kapampangan na ang resulta ay nagsasabing may katamtaman lamang na kaalaman ang mga kalahok na mag-aaral ay nararapat lamang na bigyang pansin sapagkat ito ang katutubong wika ng Pampanga na kung saan ang karamihan ng mga kalahok ay nagmula at namumuhay. Marahil ito ay may kinalaman sa penomenong nabanggit ni Elli (2012) na bunga ng kakulangan ng mga pagkakataong magamit ang wikang Kapampangan, kaya nagaganap ang *code-switching* na gumagamit ng Filipino bilang batayang pangungusap, kaya marapat lamang na bigyang pansin ng mga kinaukulan.

Oryentasyon sa Wika ng mga Kalahok na Guro

Ang oryentasyon sa wika ng mga kalahok na guro batay sa wikang ginagamit, wikang kinagisnan, kahusayan sa paggamit ng wika, at pananaw sa paggamit ng wika ay nabigyang linaw mula sa resulta ng pag-aanalisa ng mga datos.

Wikang Ginagamit

Ang malaking bahagdan na ginagamit ng mga kalahok ay wikang Filipino kapag kasama ang kanilang kaibigan, kapampangan naman kapag kasama ang pamilya at kamag-anak, Ingles naman ang karaniwang ginagamit kapag nasa paaralan o trabaho, at Kapampangan kapag kinakausap ang sarili. Ang resultang ito ay nagsasabing ang mga kalahok ay gumagamit ng ibat-ibang wika depende sa kung sino ang kanilang kasama at lugar na kinalalagyan. Ipinahihiwatig ng natuklasang ito na ang multilingguwal na kaalaman ng mga guro ay hindi nakapirmi o limitado sa isang partikular na wika, ito ay nagbabago, sapagkat malaya silang pumili at magpalit-palit ng wikang gagamitin batay sa kanilang pangangailangang komunikatibo at personal na preperensiya (Canagarajah, 2011).

Wikang Kinagisnan

Ang wikang Kapampangan ang unang wikang kinagisnan ng mga kalahok at karaniwang nagsimula silang magsalita sa edad na apat (4) at naramdaman nilang sila ay komportable sa pagsasalita nito sa edad na anim (6). Sumunod naman nilang

natutunang magsalita ng Filipino sa edad na lima (5) at naging komportable sa pagsasalita nito sa edad na pito (7). Samantala, sa edad na anim at kalahati (6.5) una silang nagsalita ng Ingles at naging komportable sa edad na 12. Ipinapakita sa resultang ito na ang mga kalahok na guro ay unang namulat sa katutubong Wika na Kapampangan at kasunod nito ang kanilang pagkatuto sa pambansang wika na Filipino. Huli na nilang natutunan ang dayuhang wikang Ingles sapagkat ang kanilang pagkalantad dito ay nagsimula lamang ng sila ay pumasok sa paaralan.

Kahusayan sa Paggamit ng Wika

Ang mga kalahok ay may sobrang mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagbasa at mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang ito sa pagsalita, pag-unawa, at pagsulat. Sila rin ay may sobrang mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang Ingles sa pagbasa at mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang ito sa pagsalita, pag-unawa, at pagsulat. Sila naman ay may mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang Kapampangan sa pag-unawa at katamtaman na kasanayan sa paggamit ng wikang ito sa pagsalita, pagbasa, at pagsulat.

Ipinakita ng mga resulta na taglay ng mga guro ang kinakailangang kahusayan sa Ingles, Filipino, at Kapampangan sa pagsasalita, pag-unawa, pagbasa, at pagsusulat. Ipinahihiwatig ng natuklasang ito na ang mga kalahok na guro ay mataas ang antas ng kahusayan sa iba't ibang wika at malamang na magamit ang mga ito nang epektibo sa iba't ibang konteksto. Ang mataas na antas ng kahusayan na ito ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay maaaring magpaigting ng pagkatuto sa silid-aralan sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na wika ayon sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay umaayon sa mga naunang pananaliksik na nagsasabing ang mga indibidwal na nagsasagawa ng pagpapalit-palit ng wika ay karaniwang may mataas na kakayahan sa paggamit ng maraming wika (García, 2009). Higit pa rito, iminumungkahi ng mga resulta na malaki ang posibilidad na ang mga kalahok ay nagpapalit-palit ng wika sa iba't ibang sitwasyon, dahil sa kanilang mataas na antas ng kakayahan sa iba't ibang wika. Ang pag-uugaling ito ay maaaring makatulong sa mas malinaw na pagpapaliwanag ng aralin, mas mataas na antas ng pag-unawa ng mag-aaral, at mas inklusibong komunikasyon sa silid-aralan, lalo na sa mga mag-aaral na may magkakaibang antas ng kahusayan sa wika.

Saloobin ng mga Kalahok na Mag-aaral sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo ng mga Guro sa mga Kurso sa Pangkahalatang Edukasyon

Ang kabuuang resulta ay nagsasabing may positibong saloobin ang mga kalahok na mag-aaral sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkahalatang edukasyon ayon sa katauhan ng guro, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal. Ipinahihiwatig nito na ang pagpapalit-palit ng wika ng mga guro ay katanggap-tanggap na estratehiya sa pagtuturo, dahil nakatutulong ito upang maging mas malinaw ang pagtalakay sa mga konsepto, mapanatili ang kaayusan at pakikilahok sa klase, at mapalakas ang ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Pinagtibay ng mga naunang pag-aaral ang mga resulta ng pananaliksik na ito. Natuklasan ni Valerio (2015) na may positibong saloobin ang mga mag-aaral hinggil sa pagpapalit-palit ng wika ng mga guro sa kanilang pagtuturo. Dagdag pa rito, sa aspektong may kinalaman sa paglinang sa paksa, lumabas sa pag-aaral nina Nordin et al. (2013) na may positibong saloobin ang mga kalahok na mag-aaral sa pagpapalit-palit ng wika sapagkat nakatutulong ito sa kanilang pag-unawa sa wikang ginagamit at sa paksang pinag-aaralan. Kaugnay nito, iginiit ni Domingo (2016) na tinatanggap ng mga mag-aaral ang pagpapalit-palit ng wika dahil nakapagpapalinaw ito sa kanilang pangkalahatang pag-unawa.

Salooobin ng mga Kalahok na Guro sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo ng mga Kurso sa Pangkalahatang Edukasyon

Ang kabuuang resulta ay nagsasabing may positibong saloobin ang mga kalahok na guro sa pagpapalit-palit ng wikang Ingles at Filipino sa kanilang pagtuturo sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon ayon sa kanilang katauhan, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal.

Ipinapakita ng resultang ito na pumapayag ang mga gurong kalahok sa sabay na paggamit ng Filipino at Ingles sa pagtuturo ng mga kurso sa pangkalahatang edukasyon. Sa katunayan, ang pagpapalit-palit ng wika sa aspeto ng katauhan ng guro, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal ay tinanggap nang positibo ng mga guro. Ipinapakita nito na ang pagpapalit-palit ng wika ay maaaring maging epektibong estratehiya sa pagtuturo, dahil nakakatulong ito sa mas malinaw at mas inklusibong proseso ng pagkatuto para sa mga mag-aaral.

Ipinapakita ng resulta na pinapaboran ng mga guro ang pagpapalit-palit ng wika kapag ito ay ginagamit para sa paglinang sa paksa at ugnayang interpersonal. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay naaayon ng pag-aaral nina Ibrahim et al. (2013) kung saan karaniwang pagpapalit-palit ng wika ang mga guro para sa layunin ng paglinang sa paksa upang suportahan ang mga prosesong pedagogikal. Bukod pa rito, sinusupportahan din ng pag-aaral ni Liwanag (2016) ang mga resulta ng pananaliksik na ito.

Sa aspeto naman ng ugnayang interpersonal, nagpapalit-palit ng wika ang mga guro upang makatulong sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa interaksyon sa loob ng klase. Ang positibong pananaw ng mga guro sa pagpapalit-palit ng wika para sa paglinang sa paksa at ugnayang interpersonal ay nagpapahiwatig na maaari itong mapabuti ang pag-unawa ng mag-aaral sa mga aralin at palakasin ang pakikipag-ugnayan sa guro, na nagreresulta sa mas epektibong pagtuturo at aktibong partisipasyon ng klase.

Ipinapahiwatig din ng kasalukuyang pananaliksik na may positibong pananaw ang mga guro sa pagpapalit-palit ng wika sa aspeto ng pamamahala ng klase. Sinusuportahan ito ni Horosan (2014) sa kanyang pag-aaral na nagsasabing ang pagpapalit-palit ng wika ay nakakatulong sa pamamahala ng klase at nagbibigay-daan sa mga guro na makuha ang atensyon ng mga mag-aaral.

Pagkakaiba ng Saloobin ng mga Mag-aaral na kalahok at Guro na kalahok sa Pagpapalit-palit ng Wika sa Pagtuturo ng mga Kurso sa Pangkahalatang Edukasyon

Ang resulta sa estatistikang pagkukumpara sa saloobin ng mga mag-aaral na kalahok at guro na kalahok sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga kurso sa pangkahalatang edukasyon ay nagpakita na may makabuluhang pagkakaiba (*significant difference*) sa aspeto ng katauhan ng guro na nasa aytem na mas malinaw na naipapahayag ang kanilang sarili kapag sila ay nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles; sa aspeto ng pamamahala sa klase na nakita sa aytem na mas na nakakakuha ng atensyon ng mga mag-aaral kapag nagpapalit-palit ng wika ang guro; at sa aspetong ugnayang interpersonal na lumabas sa aytem na mas higit na nakapaghikayat sa partisipasyon ng mga mag-aaral. Sa mga makabuluhang pagkakaibang ito, pinapakita na mas higit na may positibong saloobin ang mga kalahok na guro kumpara sa mga mag-aaral na kalahok. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na mas pinapaburan ng mga guro ang pagpapalit-palit ng wika para sa mas malinaw na pagpapahayag ng kanilang sarili (katauhan ng guro), para mas makakuha ng atensyon ng mga mag-aaral (pamamahala sa klase), at mas higit na makapaghikayat sa partisipasyon ng mga mag-aaral (ugnayang interpersonal). Ang resultang ito ay suportado ng isinagawang pag-aaral ni Yao (2011) na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga gurong kalahok at mag-aaral na kalahok sa aspeto ng katauhan ng guro, paglinang sa paksa, pamamahala sa klase, at ugnayang interpersonal.

Sa kabilang banda, mas maraming aytems sa mga aspeto ng saloobin ang lumabas sa resulta na walang makabuluhang pagkakaiba na ipinakita sa mga sumusunod: katauhan ng guro sa mga aytems na nakatutulong sa madaliang pagpapaunawa sa paksa, nagpapaliniis at nagpapalawak sa wika, bihasa sa multi-lingual, at bihasa sa paggamit ng wikang Ingles at Filipino; sa aspeto ng paglinang sa paksa na nakita sa mga aytems na mas maipapaliwanag ang mga puntong panggramatika at mga leksikal na aytem sa teksto, mas higit na makapagpapaliwanag ng mga paksang pangkultura sa teksto, maaaring mas mahusay na makakuha ng mga tugon mula sa mga mag-aaral, at mas higit na nakapagpapalinaw sa nilalaman ng aralin na itinuro; sa aspeto ng pamamahala sa klase na nakita sa mga aytems na mas nakapagpapalinaw ng mga tagubilin sa gawain, mas nakapagdisiplina sa mga mag-aaral, mas kontrolado ang gawi ng mga mag-aaral sa silid-aralan, at mas direktang natatawag ang mag-aaral sa talakayan; at sa aspeto ng ugnayang interpersonal na lumabas sa mga aytems na mas higit na napupuri ang mga pagganap ng mag-aaral, higit na nagpapasigla sa kapaligiran ng klase, mas nakapagkomento sa mga tugon ng mga mag-aaral, at maaaring mahusay na makipagtalastasan at negosasyon sa mga mag-aaral.

Ang resultang ito ay nagsasabi na pareho ang saloobin ng mga gurong kalahok sa mga mag-aaral na kalahok. Sapagkat parehong positibo ang kanilang saloobin, ito ay nangangahulugang parehas ang pagtanggap ng mga kalahok sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga pangkalahatang kurso sa kolehiyo. Ang mga ito ay may pagkakatulad sa pag-aaral ni Mingfa (2011) kung saan natuklasan na kapwa may kanais-

nais na saloobin ang mga mag-aaral at mga guro hinggil sa pagpapalit-palit ng wika ng mga guro. Dagdag pa rito, ipinamalas ng mga pag-aaral nina Selamat (2014) at Adriosh at Razi (2019) na parehong nagtataglay ng positibong pananaw ang mga guro at mag-aaral ukol sa pagpapalit-palit ng wika sa loob ng silid-aralan.

Ipinakita rin sa resulta na may makabuluhang pagkakaiba (*significant difference*) sa aspeto ng paglinang sa paksa sa aytem na maaaring gawin ito sa lahat ng uri ng mga paksa sa klase na kung saan ang mga kalahok na mag-aaral ang may mas mataas na saloobin sa kumpara sa mga guro. Ipinapakita ng resultang ito na ninanais ng mga mag-aaral na ang pagpapalit-palit ng wika ng mga guro sa kanilang pagtuturo ay gamitin sa lahat ng asignatura, subalit ito ay hindi nagpapakita ng pagsang-ayon ng gurong kalahok. Ito ay kahalintulad ng pag-aaral ni Johansson (2013), kung saan pabor ang mga mag-aaral sa pagpapalit-palit ng wika ng mga guro sa loob ng silid-aralan, subalit mas ninanais ng kanilang mga guro na limitahan hangga't maaari ang paggamit nito sa mga piling asignatura.

Implikasyon ng Resulta sa Pagtuturo ng mga Guro sa mga Kurso sa Pangkalahatang Edukasyon sa Kolehiyo

Ayon sa resulta at diskusyon na kapwa may positibong saloobin ang mga guro at mag-aaral hinggil sa pagpapalit-palit ng wika sa mga aspeto ng katauhan ng guro, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal, iminumungkahi ng mga mananaliksik na ang pagpapalit-palit ng paggamit ng wikang Ingles at Filipino ay nagdudulot ng makabuluhang benepisyong sa mga mag-aaral. Ayon kay Makulloluwa (2013), may kanais-nais na pananaw ang mga guro sa pagpapalit-palit ng wika sapagkat ito ay nakatutulong sa paglinang sa paksa at ginagawang mas malinaw at nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga puna at feedback (*ugnayang interpersonal*). Kaayon ng mga resultang ito, pinatunayan ni Horasan (2014) na ang pagpapalit-palit ng wika ay ginagamit upang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral at mapanatili ang maayos na pamamahala ng silid-aralan (*pamamahala sa klase*). Dahil dito, kinakailangang bumuo ang mga akademikong institusyon, administrador, at mga guro ng malinaw na patakaran kung kailan at paano dapat gamitin ang pagpapalit-palit ng wika upang makamit ang mas positibong resulta sa aspekto ng katauhan ng guro, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal.

Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na ang wastong pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng pangkalahatang kurso sa kolehiyo ay maaaring maging epektibong estratehiya sa pagtuturo. Samakatuwid, ang pagkakaroon ng malinaw at sistematikong polisiya sa pagpapalit-palit ng wika ay mahalaga upang matiyak na ang estratehiyang ito ay nagagamit nang angkop at nakatuon sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

Konklusyon

Ayon sa resulta at diskusyon na isinagawa, ang mga sumusunod na konklusyon ay naitala:

1. Ang Filipino ang pangunahin at ang Kapampangan ang pangalawang wikang ginagamit ng mga mag-aaral kapag kasama ang kanilang kaibigan, pamilya at kamag-anak, at kapag nasa paaralan. Ang Filipino at Kapampangan din ang magkasunod na wikang kinagisnan ng mga mag-aaral. Sila ay may mataas na kasanayan sa wikang Filipino at Ingles sa pagsasalita, pag-unawa, pagbasa, at pagsulat.
2. Ang wikang Filipino karaniwang ginagamit ng mga guro kapag kasama ang kanilang kaibigan, Kapampangan naman kapag kasama ang pamilya at kamag-anak, at Ingles naman ang karaniwang ginagamit kapag nasa paaralan o trabaho. Ang Kapampangan at Filipino ang magkasunod na wikang kinagisnan ng mga guro. Sila ay may higit na mataas na kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino at Ingles sa pagbasa at mataas na kasanayan sa paggamit ng mga wikang ito sa pagsalita, pag-unawa, at pagsulat.
3. May positibong saloobin ang mga kalahok na mag-aaral sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga guro sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon ayon sa katauhan ng guro, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal.
4. May positibong saloobin ang mga kalahok na guro sa pagpapalit-palit ng wikang Ingles at Filipino sa kanilang pagtuturo sa mga kurso sa pangkalahatang edukasyon ayon sa kanilang katauhan, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal.
5. Ang pagkukumpara sa saloobin ng mga kalahok na mag-aaral at guro sa pagpapalit-palit ng wika sa pagtuturo ng mga kurso sa pangkalahatang edukasyon ay nagpakita na may makabuluhang pagkakaiba (*significant difference*) sa aspeto ng katauhan ng guro na nasa aytem na mas malinaw na naipapahayag ang kanilang sarili kapag sila ay nagpapalit-palit ng wika mula sa Ingles patungo sa Filipino o mula sa Filipino patungo sa Ingles; sa aspeto ng pamamahala sa klase na nakita sa aytem na mas na nakakakuha ng atensyon ng mga mag-aaral kapag nagpapalit-palit ng wika ang guro; at sa aspetong ugnayang interpersonal na lumabas sa aytem na mas higit na nakakapaghikayat sa partisipasyon ng mga mag-aaral. Maliban dito, mas maraming aytems sa mga aspeto ng saloobin ang walang makabuluhang pagkakaiba na nagsasabi na pareho ang saloobin ng mga gurong kalahok sa mga mag-aaral na kalahok.

Rekomendasyon

Ayon sa diskusyon at konklusyon, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay iminumungkahi:

1. Kinakailangang bumuo ang mga akademikong institusyon, administrador, at mga guro ng malinaw na patakaran kung kailan at paano dapat gamitin ang pagpapalit-palit ng wika upang makamit ang mas positibong resulta sa aspeto ng katauhan ng guro, paglinang sa paksa, pamamahala ng klase, at ugnayang interpersonal.
2. Sa kadahilanang ang mga kurso sa pangkalahatang edukasyon sa kolehiyo ay maaaring ituro ng Ingles o Filipino at sa kadahilanang ang mga mag-aaral at guro ay may positibong saloobin sa pagpapalit-palit ng wika, maaaring suriin ng dekanong at iba

pang administrador ang mga kursong maaaring ituro sa Filipino bilang pangunahing wikang gagamitin.

3. Para sa mga susunod na mga mananaliksik, maaaring isagawa ang pag-aaral na kinabibilangan ng mas maraming kalahok mula sa ibat-ibang kolehiyo upang lalong makita ang saloobin ng mga guro at mag-aaral.

Konsiderasyong Etikal sa Pag-aaral

Isinagawa ang pagkuha ng *Ethics Clearance* mula sa Research and Development Center ng Republic Central Colleges upang matiyak na maingat na isinasaalang-alang ng mga mananaliksik ang mga posibleng panganib at benepisyong pag-aaral. Kabilang dito ang pagsasagawa ng lahat ng makatuwirang hakbang upang mabawasan ang anumang maaaring pinsala sa mga kalahok. Tinitiyak din na ang pag-aaral ay hindi magdudulot ng anumang labis na pasanin o pagkabalisa sa mga kalahok.

Para sa etikal na konsiderasyon sa pangangalap ng datos, isinama sa unang bahagi ng talatanungan ang pahintulot ng mga kalahok. Upang matiyak na lubos nilang nauunawaan ang kanilang mga karapatan sa pakikilahok, ipinaliwanag muna ng mga mananaliksik ang nilalaman ng Pahayag ng Kusang-Loob na Pagpayag. Binigyan din ang mga kalahok ng pagkakataong magtanong kung may nais silang linawin kaugnay ng kanilang pagsali at pagsagot sa talatanungan. Ang paglagda sa nasabing pahayag ang nagsisilbing patunay ng kanilang kusang-loob na pakikilahok sa pag-aaral.

Ipinaalala rin sa mga kalahok ang kanilang mga karapatan sa *data privacy* alinsunod sa Republic Act 10173 o Data Privacy Act of 2012. Kaugnay nito, nananatiling kumpidensiyal ang lahat ng nakalap na datos at gagamitin lamang para sa layunin ng pag-aaral na ito. Dagdag pa rito, ang mga nasagutang talatanungan ay ilalagay sa isang selyadong lalagyan at itatago nang hanggang tatlong taon o hanggang sa ganap na matapos ang pananaliksik. Pagkatapos nito, ang mga talatanungan ay sisirain gamit ang *paper shredder* upang matiyak ang maayos at ligtas na disposisyon ng mga ito.

REFERENCES

- Abdulghani, M., & Almalki, M. (2019). Teachers' perceptions towards pedagogical implications of code switching: Saudi EFL classroom context in focus. *International Journal on Studies in English Language and Literature*, 7(3), 1-9. <https://bit.ly/3fdvcbC>
- Adriosh, M., & Razi, O. (2019). Teacher's code switching in EFL undergraduate classrooms in Libya: Functions and perceptions. *Sage Journals*, 9(2). <https://doi.org/https://doi.org/10.1177/2158244019846214>
- Al-Heeti, N. H., & Al-Abdely, A. A. (2016). Types and functions of code-switching in the English language used by Iraqi doctors in formal settings. *International Journal of Advanced Research and Review*, 1(8), 10-18.
- Al Zoubi, S. M. (2018). The impact of exposure to English language on language acquisition. *Journal of Applied Linguistics and Language Research*, 5(4), 151-162.
- Azlan, N., & Narasuman, S. (2012). The role of code-switching as a communicative tool in an ESL teacher education classroom. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, 90(458-467), 1-10. <https://bit.ly/2SyFL1g>

- Canagarajah, S. (2011). Codemeshing in academic writing: Identifying teachable strategies of translanguaging. *The Modern Language Journal*, 95(3), 401-417. <https://doi.org/10.1515/9783110239331.1>
- Cenoz, J. (2013). Code switching and mixing. *Annual Review of Applied Linguistics*, 33, 3-18. <https://doi.org/10.1017/S026719051300007X>
- Chandra, R. (2015). Classroom management for effective teaching. *International Journal of Education and Psychological Research*, 4(4), 13-15. <https://bit.ly/3ffzwHE>
- Chowdhury, N. (2013). Classroom code switching of English language teachers at tertiary level: A Bangladeshi perspective. *Bangladesh Journals Online*, 7, 1-22. <https://doi.org/https://doi.org/10.3329/sje.v7i0.14462>
- CMO No. 20 Series of 2013. General Education Curriculum: Holistic Understandings, Intellectual and Civic Competences
- Dewaele, J., & Li, W. (2013). Attitudes towards code-switching among adult mono- and multilingual language users. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 35(3). <https://doi.org/10.1080/01434632.2013.859687>
- Domingo, D. (2016). Content area effectiveness: English vs Filipino medium of instruction. *International Journal of Social Sciences*, 2(1), 1514-1529. <https://doi.org/http://dx.doi.org/10.20319/pijss.2016.s21.15141529>
- Elli, V. (2012). Kapampalogs: A sociolinguistic perspective. <https://www.academia.edu/25989740>.
- García, O. (2009). Education, multilingualism and translanguaging in the 21st century. In *Social justice through multilingual education* (pp. 140- 158). *Multilingual Matters*. <https://doi.org/10.21832/9781847691910-011>
- Hasan, L., Abu-Krooz, H., Qasim, O., & Majid, M. (2019). Code switching and code mixing: A sociolinguistic study of Senegalese international students in Iraqi colleges, 1-16. <https://bit.ly/2Qdz7wQ>
- Henni, A. (2017). Students' attitudes towards the use of code-switching in Algerian EFL classrooms, 1-11. <https://bit.ly/2SyFV8S>
- Horasan, S. (2014). Code-switching in EFL classrooms and the perceptions of the students and teachers. *Journal of Language and Linguistic Studies*, 10(1), 31-45. <https://bit.ly/3vP1oca>
- Ibrahim, E.H., Shah, A.M., & Tgk, A. (2013). Code-Switching in English as a foreign language classroom: Teachers' attitudes. *Journal Articles; Reports - Research*, 6(7), 139-150. <https://bit.ly/3tDdbIX>
- Johansson, S. (2013). Code-switching in the English classroom. <https://bit.ly/3uxOsai>
- Kokturk, S., Odacioglu, M., & Uysal, N. (2016). Bilingualism and bilingual education, bilingualism and translational action. *International Journal of Linguistics*, 8(3), 72-89. <https://doi.org/10.5296/ijl.v8i3.9601>
- Lin, A., & Li, D. (2012). *Code-switching* (1st ed., pp. 470-481). Routledge.
- Liwanag, M. (2016). Mother or adapted tongue: The discursive and pragmatic effects of code-switching in content-based. *International Journal of Education and Research*, 4(11), 1-16. <https://bit.ly/3waMI7x>
- Ma, J. (2014). Students' attitudes towards code-switching in the bilingual classroom of accounting English. *Journal of Education and Practice*, 5(20), 1-13. <https://bit.ly/2SIRHha>
- Macaro, E., & Lee, J. (2013). Teacher language background, codeswitching, and English-only instruction: Does age make a difference to learners' attitudes?. *TESOL*, 47(4), 717-742. <https://doi.org/https://doi.org/10.1002/tesq.74>
- Makulloluwa, E. (2013). Code switching by teachers in the second language classroom. *International Journal of Arts & Sciences*, 6(3), 581-598. <https://bit.ly/2R1OEAi>

- Magadan, AV & Limpot, MY. (2023). The Mediating Effect of Filipino Language Orientation toward Language Attitude and Active Learning of the Learners. *Asian Journal of Education and Social Studies* 49 (3):354-63.
<https://doi.org/10.9734/ajess/2023/v49i31161>
- Mingfa, Y. (2011). On attitudes to teachers' code-switching in EFL Classes. *World Journal of English Language*, 1(1), 1-10. <https://bit.ly/2RJ8HmS>
- Mokgwathi, T. (2011). Role of code-switching in teaching and learning in selected Senior Secondary schools in Botswana. <https://bit.ly/3vULO8w>
- Muhammad, F., Humayun, S., & Huma, A. (2016). English language teachers' code-switching in class: ESL learners' perceptions. *Journal of Education & Social Sciences*, 4(1), 1-11.
<https://doi.org/10.20547/jess0411604101>
- Nordin, N., Ali, F., Zubir, S., & Sadijirin, R. (2013). ESL learners' reactions towards code switching in a classroom setting. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, 90(10), 478-487. <https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2013.07.117>
- Reis, H., & Judd, C. (2014). *Handbook of Research Methods in Social and Personality Psychology*. <https://doi.org/https://doi.org/10.1017/CBO9780511996481>
- Salamat, J. (2014). Code Switching in the Malaysian ESL classroom, 1-196.
<https://bit.ly/3y3fBUH>
- Valerio, M. T. (2015). Filipino-English code-switching attitudes and practices and their relationship to English academic performance among freshmen. *International Journal of English Language Teaching*, 2(1), 76-98. <https://doi.org/10.5430/ijelt.v2n1p76>
- Velmurugan, D. (2016). Interpersonal relationships and organizational effectiveness. *International Journal of Business Management and Leadership*, 7(1), 1-5.
<https://bit.ly/3vYeLqt>
- Waris, A. (2012). Code switching and mixing. *Jurnal Dakwah Tabligh*, 13(1), 123-135.
<https://bit.ly/3waNhyb>
- Yao, M. (2011). On Attitudes to teachers' code-switching in EFL classes. *World Journal of English Language*, Vol. 1(1), 19-28. <https://doi.org/10.5430/wjel.v1n1p19>
- Zeenat, A. & Imran, M. (2020). Teachers' persona reflects in students' personality: A case study of primary school level in the Sahiwal District, Pakistan. *Journal of Language and Cultural Education*, 8(1), 64-94. <https://doi.org/10.2478/jolace-2020-0005>

APA Citation:

Layug, S. A. M., & Basco, J. G. (2026). ORYENTASYON SA WIKA AT SALOOBIN SA PAGPAPALIT-PALIT NG WIKA SA PAGTUTURO NG MGA KURSO SA PANGKALAHATANG EDUKASYON SA KOLEHIYO. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 4(5), 1775–1812. <https://doi.org/10.5281/zenodo.20265785>

Corresponding author: jumargbasco@gmail.com